

ARAW NG PAGTATAGUMPAY



Maaari na po kayong makaupo kung mamarapatin n'yo. At nais ko lang pong ipahayag ang aking lubos na pasasalamat sa Diyos, para sa pribilehiyong ito na makaparito't makatagpo ng mga kapwa mamamayan sa Kaharian ng Diyos. Sa inyo pong pagkakatiyon sa dakong ito, sa umagang ito, sa tahanan na ito ng isang kapatid na lalaki, para—para makapagbuklod nang sama-sama, naaalala ko nga sa ganito ang sinaunang Iglesya. Kung papaano nagpasimula ang Cristianismo, ay, ang sabi nga ng Biblia, “Magkakatiyon sa isang bahay at sa isa pa. At sila’y magkakatiyon para magputol-putol ng tinapay na may isa silang puso.” At ’yan po ang ninanais natin para sa umagang ito, habang narito tayo, ang magkaroon tayo ng isang puso, isang layon.

² Isang—isang bagay na pinagsusumikapan nating maabot, ay, ito ngang, matupad natin ang plano ng Diyos para sa ating buhay, habang narito pa tayo sa lupa. At siguro, marahil, ang Diyos, libo-libong taon na ang nakararaan, haya’t sa Kanyang, sa Kanyang walang katapusang karunungan, ay nalalaman na na tayo’y paparito sa umagang ito, at magkakatiyon sa dakong ito na kaparangan, o—o disyerto rito, sa munting gusaling ito. Alam na Niya makalibong taon na ang nakararaan.

³ Ngayon, pinuntahan natin ang ilan sa mga kaibigan natin na papunta sa umagang ito mula Tucson, ang pamilya Stricker. At ’yung generator ng kotse nila’y pumalya po. Ginagawa natin ang lahat ng makakaya natin, para mapapunta sila rito, ang ginang po rito at ang mga—mga bata. At sila’y papunta na rito, maya-maya siguro, kung maaayos na ng mga nagpunta dun ang generator. Doon po ’yun sa kung saang munting sangang-daan sa dako roon. Di ko po alam kung saan. Pero tayo’y nagagalak na makaparito.

⁴ At ngayon, si Kapatid na Isaacson po rito, at di po namin masyadong kakilala ang isa’t isa, di hihigit sa nalalaman namin na kami’y magkapatid kay Cristo. At nagkaroon na kami noon ng pagkakataon na magbuklod na magkasama. At sa palagay ko ang una naming pagkikita ay sa . . . doon sa Phoenix, mga taon na rin ang lumipas. At kung narito ang kanyang asawa, di ko po siya makikilala. Ngayon, hanggang ganoon lang po ang pagkakilala namin sa isa’t isa, na di ko po masyado kakilala ang kanyang asawa, o kanyang pamilya.

⁵ Sa pagpunta ko po rito nakatagpo ko ang isa nating itim na kapatid na nakatayo riyon sa may pinto, isang napaka inam na lalaki na ganoon na lamang ang pakikipagkamay, alam n’yo, na mararamdaman mo talagang tanggap na tanggap ka, alam

n'yo, para tumuloy, at—at makasama ang mga tao na gaya nito sa umagang ito, at binibigyan nga ako Nito ng pribilehiyo.

⁶ At ngayon, ako po'y nabigyan na noon ng pribilehiyo na makapagsalita sa maraming mataong lugar, kung saan marahil nasa makalibong ilang libo ang mga tao na nagkakatipon. Pero ang aking . . . Ang mga bantayog ng aking pagmi-ministeryo ay ang kagaya sa pagkakataong ito, kung saan nasa isang dosena, o dalawa lang, ang nakaupo na magkakasama, para bang mas lalong nakikipag-ugnay ang Diyos sa mga tao. Sa tingin ko ang pakiramdam natin ay para bang mas kinauugnay tayo, haya't—haya't sa ating pagkakatipon sa maliit na pagtitipong ito. Para ngang ang Salita ng Diyos ay talagang—talagang litaw na litaw sa atin, sa pagkakataon ngang tayo, ang sabi Niya, “Kung saan may dalawa o tatlo ang nagkakatipon sa Aking Pangalan, Ako ay nasa kalagitnaan nila.”

⁷ Kagabi po, nung maghahating-gabi na, ako po'y nasa dako roon kasama . . . sa isang tahanan kung saan nakatira ang isang lalaki't ang asawa niya, at isang batang babae, na nawawala sa pag-iisip, dahil sa isang munting pangyayari na naganap noon. At habang kami . . . nasa dakong 'yun, ako at ang batang babae, sa silid, dahil sa mga bagay na dapat masabi, haya't, minabuti ko na makasama siya roon. At lumitaw ang Liwanag na ito, ang Anghel ng Panginoon, at pumaroon sa dakong 'yun sa amin, ipinapakita na—na tinutupad ng Diyos ang Kanyang pangako.

⁸ At kahapon naman, naroon ang isang kabataang lalaki na dalawampu't dalawang taong gulang, mula sa isang kilalang pamilya, at nagkaroon siya ng beke, at talagang dinapuan siya nung beke na 'yun. At marami sa inyo na mga matatanda ang nakakaalam kung ano ang dulot nun, lalo na sa kalalakihan. Sa mga kalalakihan, talagang halos ikinamamatay nila 'yun. At ito pong binatang ito, sa loob ng maraming araw, magdadalawang linggo ang umabot, na ang lagnat niya'y umabot ng sangdaan at lima ang temperatura. Ngayon, alam n'yo nga na 'yung lagay na 'yun ay nasa pagkakaroon na ng stroke. At ginawa ng mga doktor ang lahat ng remedyong magagawa nila, nagbigay ng mga penicillin at lahat na, para pahupain ang lagnat na 'yun at di na maka-impeksyon. Pero mukha ngang walang naidudulot. Pero sa loob lang ng isang minuto sa harap ng Diyos, bawat katiting na senyales ng lagnat na 'yun ay umalis sa kabataang lalaking 'yun. Bumangon siya, na magaling na. At ipinapakita lang n'yan na ang pinaka kailangan niyang Tao ay si Cristo.

⁹ Yan po ang dahilan kung bakit tayo'y narito, sa umagang ito sa tahanan na ito, ang makapaglingkod kay Cristo, sa araw na ito ng sabbath.

¹⁰ Akin pong kinapapanabikan ang makapunta sa panahon na ito, na makatagpo ang ating kalugud-lugod na kapatid, at sa inyo na mga narito. Natatanggap ko po ang inyong mga ikapu

na pinapadala sa akin ng kapatid, maraming beses, na galing sa munting pagtitipon dito. At ito po'y mahalagang kayamanan, na talagang pinagkaka ingatan ko nang buong pagkatao ko, dahil alam ko na balang araw ito'y sasagutin ko kung saan ito mapupunta buhat doon. At ninanais kong kaluguran, tunay na kinalulugdan ko, at nais ko pong ihayag ang aking lubos na kaluguran sa inyong pagiging matapat sa mga tao po na narito, sa—sa paglingap na ito na ginawa n'yo, sa pagkakabatid sa mga ikapung ito na inyong ibinigay. At sa pagkakatipon n'yo sa mga tahanan lang gaya nito at, sa kabila nun, nagnanais na ang munti n'yong magagawa, pinaka mainam sa abot ng nalalaman n'yo, na suportahan ang—ang pagmi-ministeryo. Kaya naman, buhat diyan, ako po'y dapat na maging maingat dito. At gusto ko pong maging mabuting tagapag-ingat para sa ating Diyos, hanggang sa Araw na sasagutin ko, ang bagay na ginawa natin dito sa lupa.

¹¹ Ngayon, may mabuting bagay po pala, haya't dito sa dako rito ay di tayo masyadong naaabala ng masyadong ingay ng mga dumadaang sasakyan, at napaka ganda nga nun.

¹² At kaya naman ngayon, di ko lang po alam kung papaano ito sasabihin, pero hangad ko po na sana makapagdaos tayo ng rebaybal sa dakong ito, na aabutin ng ilang mga araw. Dahil, sa ganito ngayon, magpupunta lang kayo at babati, "Kumusta kayo? Nagagalak akong makita kayo." at makikipag-usap nang kaunting panahon lang tungkol sa Diyos, tapos aalis agad. Ako po'y dapat nasa Tucson na ng ala una y media. At hayan nga na ganito. . . Magkakatagpo lang tayo katulad nito, at makikipag kamay sa isa't isa, at sasabihin, "Kumusta ka? Natutuwa ako na makatagpo ka," tapos aalis agad.

¹³ Pero, alam n'yo, iniisip ko nga ang isang Araw na 'yun na tayo ay magkakatagpo at di na tayo magpapaalamanan pa sa isa't isa. Di na natin sasabihin, "Nakatutuwa naman na makita ka. Sana makabalik ka uli." Dito nga'y, nagbibilang tayo ng siguro dalawang oras lang na magkakasama. Pero sa dakong 'yun ay magagawa po natin, makakaupo tayo na sama-sama at mag-uusap ng milyong taon, kung mayroon ngang oras dun, at di nga—di nga tayo mauubusan ng oras sa pag-upo natin dun. Kita n'yo? Walang Hanggan talaga. Walang—walang katapusan talaga. At ang isipin ang panahon na 'yun na naroon na tayo, at mapasa ganoon, haya't magsisilakad tayo sa mga pasilyo ng dakilang paraiso ng Diyos, at habang ang mga Anghel ay nagsisiawit ng mga himno.

¹⁴ At—at ngayon nasa panahon pa tayo kung saan tayo ay—ay nakikipagbaka, para pagtagumpayan ang labanan, at lupigin ang mga bagay na makasanlibutan.

¹⁵ At Doon, buweno, wala nang pagtutunggali sa dako Roon. Ang huling panalangin ay nasambit na; wala nang gawain para sa panalangin doon. Wala na roong dako para iligtas pa ang

mga tao. Wala na roong karamdaman na dapat pagalingin. At doon nga'y isa na lamang dakila't maluwalhating bagay.

¹⁶ At ano ngang bagay na tayo na mga tao, sa umagang ito, ano—ano ang maaari nating ipangako? Ano ang maaari nating tingnan na puwedeng humigit sa pagtingin sa pangakong 'yun sa panahon na 'yun. Kita n'yo?

¹⁷ Kung iisipin natin dito. Nakikita ko ang paglilipat-lipat ng panahon, mula sa pagiging munting sanggol na pinagagatas sa kanlungan ng nanay nila, hanggang sa maging mumunting bata na nagi-eskuwela, tapos kabataang mga babae't lalaki na disi ang edad, at tapos edad media na, at pagkatapos katandaan na. Kita n'yo? At ang—ang batang nagi-eskuwela, nung isang taon lang ay kalong-kalong pa siya ng nanay niya, sanggol pa lang na pinagagatas. Kita n'yo? At 'yung kabataang disi na ang edad ay parang kailan lang nung una siyang pumasok sa paaralan, mistula nga. At 'yung edad media at dating disi ang edad. At pagkatapos katandaan na. Talagang... Oh! Kita n'yo? Parang singaw lang na sumulpot sa lupa at pumaparam agad. Sabi nga ni Solomon, sa palagay ko siya, "Parang bulaklak. Tutubo, at pagkatapos mapipitas, at paparam." At tayo—tayo nagnanais nga tayo na gawing kapaki-pakinabang ang panahon na kamit natin dito.

¹⁸ Kaya ngayon atin pong kausapin Siya, ngayon, habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo sa pananalangin.

¹⁹ At kung mayroon pong narito na nagnanais na maala-ala sa panalangin, dahil sabihin na lang natin, na may karamdaman siya, o kaya naman ay may pangangailangan, kung inyo lamang ipababatid 'yan sa Diyos nang buong puso n'yo, sabihin n'yo, "Ngayon, Panginoon, ako po'y dumudulog, para—para hingin ang hiling na ito." At kung magagawa n'yo, para malaman ko, kung maaari, kung puwede pong itaas n'yo lang ang inyong kamay, at sadyang, katulad nga nun, sabihin, "Alalahanin mo po ako." Pagpalain kayo ng Panginoon nang sagana.

²⁰ Diyos na Makapangyarihan sa lahat, na Siyang nag-anyo sa kalangitan at lupa, sa pamamagitan ng Iyong Salita, kami po'y nagkakatipon sa dakong ito sa umagang ito para ipangusap ang tungkol sa Salitang ito, at tungkol sa dakilang Isa na Siyang Salita.

²¹ Pinasasalamatang Ka po namin para sa dakilang pribilehiyo na ito na makabalik sa likurang bahaging ito ng ilang. Dito nga sa dakong ito na may isang araw na ang nagniningas na kahoy ay inakit ang atensyon ng isang takas na propeta. At sa dakong 'yun ay siya'y inatang muli, at isinugo, na naging dakilang tagapagligtas ng kanyang bayan nung panahon na 'yun, ng bayang pinili ng Diyos na noo'y nasa pagka-alipin. Oh dakilang Diyos, Ikaw nga'y maparito nawa sa likurang bahaging ito ng ilang sa umagang ito na makasama namin? Gaya ng nalalaman

namin, Ikaw nga'y nasa naglalakihang simbahan, at sa buong mundo, pero dahil sa pagkabatid namin na Ikaw ay Diyos na walang limitasyon, at walang maliit na dako. O, walang dako, o kahit na nagkalat kami sa buong lupalop ng lupa, haya't Ika'y sumasa lahat ng dako, nasa lahat ng dako sa lahat ng oras. Ikaw nga'y pinasasalamatan namin para rito.

²² At sa pagtitipong ito sa umagang ito, pinasasalamatan Ka namin para sa aming kapatid na lalaki at—at sa kanyang maliit na kawan dito, at para sa kanilang kagitingan at katapatan sa Layunin ng Diyos sa lupa ngayon, at amin ngang hinihiling ang Iyong mga pagpapala na mapasa kanila. At nawa, hangga't may pusong naghahangad para kay Cristo, magkaroon nawa sa tuwina ng mensahero sa kung saang dako na magkakaloob, magdadala ng Mensahe para sa nagugutom na pusong 'yan.

²³ At idinadalangin po namin, Makalangit naming Ama, ang pangangailangan ng mga tao na nagsipagtaas ng kani-kanilang mga kamay ngayon. Nalalaman Mo ang bagay na tumitibok sa ilalim ng kanilang kamay, sa palibot ng kanilang puso. Sila po ay may pangangailangan. Kung ito man ay sakit, Panginoon. Ikaw po Na nag-ingat kay Paul Sharritt na idinulog mga ilang oras pa lang ang nakararaan noong siya ay nakaratay doon sa pagitan ng kamatayan at buhay, na may nag-aapoy na lagnat na ang lahat ng siyensiyang medisina ay di 'yun mapapahinto, at pero sa isang maliit na pagdulog lamang na pananalangin ay huminto agad ang lagnat. Ikaw ang Diyos na Jehovah. Iyo pong ipakita na Ikaw nga'y tunay na narito, at sadyang totoo maging sa oras na ito, dito sa likurang bahagi ng ilang, gaya ng Ikaw ay naroon noon sa panahon ni Moises sa likurang bahagi ng ilang doon.

²⁴ Pinasasalamatan Ka po namin, dahil nalalaman namin na Ikaw nga'y dumirinig ng panalangin. At kami po'y lumalapit sa Iyo nang may lubos na pagpapakumbaba at buong katapatan, yamang nababatid namin na mali ang hilingin namin sa Iyo ang mga bagay na ito at amin lamang itong bahala na't iniisip lang sa aming isipan. Ninanais namin na maging maalab at tunay na tiyak, sa bagay na aming hinihiling. Kinakailangan naming sampalatayanan ito, at—at—at mabatid na layunin ito ng Diyos na maipagkaloob sa amin, dahil pinagsulit na namin ito sa aming mga puso, sa abot ng aming makakaya, Panginoon.

²⁵ Kaya, dalangin ko na Iyo pong pagalingin ang bawat isa na may sakit na naparito sa umagang ito. Iyong iligtas ang bawat isa na naliligaw. Iyo pong ipagkaloob ito. Nawa'y may bagay na masabi o mapangyari sa araw na ito, na magbubunsod sa kanila, sa dako na kanila pong kinauupuan, o kinatatayuan sa palibot ng mga dingding, o saan man sila nakapuwesto, na ito pong pananampalataya ng Diyos na sinepeteng umaangkla ay paantigin ang kanilang mga puso at 'yun na ang magbubunsod, una't higit sa lahat. Iyo pong ipagkaloob ito, Ama.

26 Iyo pong pagpalain ang kapatid na lalaking nagpaunlak ng tahanan na ito para sa gawain na ito.

27 Ngayon Ikaw po'y mangusap sa amin sa pamamagitan ng Iyong Salita, dahil 'yan ang dahilan kung bakit naparito kami, Panginoon. Gustung-gusto namin ang pagbubuklod na ito na magkapisan-pisan kami sa isa't isa, pero hayang nang Ikaw po talaga ang hinahangad namin, Panginoon. Magagawa namin na sumilong sa ilalim ng mga punongkahoy kung saan at maupo roon at makipagkuwentuhan sa isa't isa. Pero, dito po, kami ay nagkakatipon para makasumpong ng kaluguran sa Iyo. Iyo po bang kakatagpuin na kami ngayon, Panginoon? Binubuksan po namin ang luklukan sa aming puso, nang sa gayon Ikaw ay maluklok ngayon, para makapangusap sa amin, at saysayin sa amin ang mga pangangailangan na dinadala namin, at ang pag-ibig Mo ay mahayag sa amin habang inihahayag namin ang aming pag-ibig sa Iyo. Amin po itong hinihiling sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

28 Diyan po, kung mayroon diyan sa may likod, na gustong maupo, may nakikita pa ako ritong mga upuan, na puwede n'yo pang puwestuhan, at kung gusto n'yong mas kumportable kayo.

29 Ngayon, ito pong panahon na kinabubuhayan natin ngayon ay tunay na pambihirang panahon. At kahapon, habang ako po'y nagbubulay-bulay kung anong ipangungusap ko sa araw na ito, yamang nababatid ko na kinapapanabikan ko ang maka punta sa dakong ito rito, at kung ano bang ipangungusap ko sa pagsapit ko rito, sa munting pagtitipon para sa pananalangin? At hiniling ko nga sa Panginoon na ako'y tulungan. At—at may dala po ako ritong ilang mga tala patungkol sa mga Kasulatan, na gusto kong ipangusap sa inyo na mga narito sa umagang ito, habang hinihintay natin ang mga biyaya ng Panginoon.

30 At dalangin natin ngayon na inyong buuksan ang inyong puso at makilala n'yo ang kahit bahagya't, mahinang munting katok ni Cristo sa puso. Alalahanin, kayo, kung kayo nga'y di pa isang mananampalataya, at di pa natatanggap si Cristo, ito na po ang pinaka dakilang bagay na mangyayari sa inyo, ang makasamang nagkakatipon sa tahananang ito sa umagang ito, na kapag tumuktok na ang katok na 'yan sa puso n'yo. Kung inyo pong tatanggapin ito, ito'y pintuan nga papunta sa Buhay. Ang ipagsawalang-bahala naman ito ay kamatayan. At 'yan po ang dahilan at tayo'y naparito sa umagang ito, ang ipakita sa inyo na may bukas na pinto para sa bawat mananampalataya na magagawang makasampalataya.

31 Ngayon nais kong bumasa mula sa aklat ng Kapahayagan ni Jesus Cristo, sa ika-15 kabanata. Nais kong bumasa ng ilang bahagi rito, ang unang apat na talata ng ika-15 kabanata ng aklat ng Apocalipsis.

At nakita ko ang ibang tanda sa langit, dakila at kagilagilalas, pitong anghel na may . . . pitong salot na siyang mga panghuli; sapagka't sa mga yao'y napupuno ng kagalitan ng Dios.

At nakita ko ang gaya ng isang dagat na bubog na may halong apoy: at yaong nangagtagumpay sa hayop, at sa kaniyang larawan, at sa bilang ng kaniyang pangalan, ay nangakatayo sa tabi ng dagat na bubog, na may . . . mga alpa ng Dios.

At inaawit nila ang awit ni Moises na alipin ng Dios, at ng awit ng Cordero, na sinasabi, Mga dakila at kagilagilalas ang iyong mga gawa, Panginoong Dios na Makapangyarihan sa lahat; matuwid at tunay ang iyong mga daan, ikaw na Hari ng mga banal.

Sinong hindi matatakot, Oh Panginoon, at luluwalhatiin ang iyong pangalan? sapagka't ikaw lamang ang banal; at ang lahat ng mga bansa ay darating at magsisisamba sa harapan mo; sapagka't ang iyong mga matuwid na gawa ay nangahayag.

³² At kung loobin ng Panginoon, nais ko pong humango ng isang teksto mula riyon, at tatawagin ko itong V-day, *Araw Ng Pagtatagumpay*, gaya ng isinasagisag natin doon, isang ganap na pananagumpay.

³³ Ang mga taong ito, dito sa kabanata na ating . . . kababasa lang natin, sila'y nagsipagtamo ng katagumpayan. Iniisip ko na ang salitang *pagtatagumpay* ay isang napakagandang salita sa wikang Ingles. Ang ibig sabihin kasi nito'y iyong—iyong nagapi na ang kaaway, at nakapanagumpay ka na, at ikaw ang panalo na nagkamit ng tagumpay. At tayo'y umaawit at nagbubunyi kapag nagtatagumpay. At dito nga'y nasumpungan natin na may kung anong bagay roon, ang mga taong ito'y nasa tabi ng dagat na bubog, na may halong apoy. At nagsipagkamit sila ng tagumpay laban sa hayop, laban sa kanyang larawan, at laban sa kanyang tanda, at sa letra ng kanyang pangalan. Lahat ng mga bagay na ito, at sila nga'y nagkamit ng pananagumpay laban sa lahat ng ito, at sila'y mga mananagumpay na nakatayo sa kabilang ibayong 'yun, sa dagat na bubog na may halong apoy, nagsisiawitan ng papuri sa Diyos na Makapangyarihan sa lahat.

³⁴ Ngayon, sa pangungusap natin tungkol sa pagtatagumpay at mga V-day, at iba pa, ibinabalik tayo nito na alalahanin uli ang panahon ng digmaan, kapag iniisip natin ang V-day. Dahil, nito-nito lang, nitong huling nakalipas na ilang taon, tayo'y sumapit sa isang—isang—isang araw na tinawag nating V-day, ng digmaan, kung saan nakamit nila ang pananagumpay laban sa mga kalaban. At nakalulungkot nga na alalahanin natin ito, pero ang dugo ng tao ay dumanak na sa mundo mula pa roon sa dugo ng matuwid na si Abel.

35 Ang kauna-unahang dugo ng tao na dumanak sa lupa ay ang matuwid na si Abel. At siya, ang dahilan at nagdanak siya ng dugo, ay dahil siya'y naging matuwid sa Diyos. At tinanggap ng Diyos ang kanyang—kanyang katubusang kanyang kinamit, sa pamamagitan ng paghahandog sa Diyos, ng korderong 'yun.

36 At ang kanyang naiinggit na kapatid, dahil ito'y naiinggit sa kanya, pinatay nito ang matuwid na si Abel. At 'yang parehong dahilan na 'yan, hayan nga, ang naging dahilan ng pagdanak ng lahat ng dugo ng tao sa buong sangkalupaan. At ito ngang sinaunang lupa ay tunay na nabababad, ang buong mundo, sa dugo ng tao. Tayo . . . May dahilan kung bakit nagkaganyan. May kung anong kadahilanan kung bakit nagkaganoon, na itong dugo ng tao ay dumanak. At nalaman natin na ang unang kadahilanan ay dahil sa pagkainggit, na—na si Cain ay naiinggit kay Abel dahil tinanggap ng Diyos ang inihandog ni Abel. At sinasabi nga sa atin ng Mga Hebreo 11 na—na—na, “Si Abel ay naghandog sa Diyos ng lalong mabuting hain kaysa kay Cain, na nagpapatotoo ang Diyos sa pamamagitan nito.” At si Cain, hayan nga't, naiinggit talaga rito, dahil 'yung kanyang hain ay tinanggihan, samantalang 'yung kay Abel ay tinanggap. Haya't inihandog ito ni Abel sa pamamagitan ng pananampalataya. Sinabi ng Biblia, na, “Kanyang inihandog ito sa pamamagitan ng pananampalataya.”

37 Nakikita natin na—na, ang dalawang binatilyong ito ay nagsisikap na makasumpong ng kaluguran mula sa Diyos, para makapanumbalik, dahil nalalaman nga nila na di pa gaanong nagtatagal na sila'y pinalayas mula sa halamanan ng Buhay. At sila'y bumagsak, sa kabilang ibayong 'yun, dahil sa pagsuway ng kanilang magulang, haya't sumailalim sila sa pananakop ng kamatayan; gaya ng kinasasadlakan nating lahat, sa umagang ito, napasailalim sa kamatayan. At nagnanais sila na malaman kung papaano sila makababalik sa dakong 'yun na kanilang masusumpungan ang Buhay uli. At, sa paghahanap nilang 'yun, sila'y—sila'y nagsusumikap na makasumpong ng kaluguran sa Diyos.

38 At si Cain ay naghandog ng nakabibighaning hain ng mga bulaklak at ng mga bunga mula sa bukid, o anuman 'yun na inilagay niya sa ibabaw ng dambana.

39 Samantalang si Abel, sa pamamagitan ng espirituwal na kapahayagan, nahayag sa kanya na hindi mga bunga ng bukid ang sanhi ng kamatayan, “Dugo ang nagsanhi ng kamatayan.” Kaya, ang inihandog niyang pantapat ay dugo ng walang sala na kahalili, at tinanggap 'yun ng Diyos. At 'yun ang kabayaran ng Diyos para sa ating mga kasalanan, mula pa nung mismong araw na 'yun. Walang ibang kaparaanan, dahil kung Kanyang tatanggapin 'yun sa ibang batayan, haya't pupuwede na tayong sumangguni sa batayang 'yun, upang, para makasumpong ng

kaluguran sa Diyos. Pero ang tinatanggap lamang ng Diyos ay 'yung walang salang dugo ng walang salang hain. Kita n'yo?

40 At samakatwid, kung ang kabighanian at ang naglalakihan na mga dako ang magiging batayan ng Diyos sa pagtanggap, tayo nga . . . Mapapaisip tayo n'yan, "Tayo ba'y babalikan Niya sa likurang bahaging ito ng disyerto, sa munting tahanan na ito na nasa tabi ng riles ng tren? Siya kaya'y babalik rito at tayo'y kakatagpuin?" Haya't kung sa naglalakihang bahay-sambahan, o sa kabighanian ng—ng handog ni Cain, aba, masusumpungan lang natin na sa atin-atin lang pala natin ito ipinangungusap at nagsasalita lang tayo sa hangin.

41 Pero ang Diyos nga'y dumating sa batayan ng nabubong dugo. Kaya, hindi na mahalaga, ngayon, gaano mang kakaunti tayo, gaano mang salat tayo, o gaano mang hinahangad nating umangat tayo, na mag-aalay sa Diyos ng mas malaki sanang lugar, pero ang Diyos nga'y di 'yan tinanggap noon, anupa't maski hanggang ngayon ay di Niya pa rin tatanggapin, dahil tayo ay nararapat lamang na lumapit sa batayan ng nabubong Dugo ng isang walang salang Kahalili, na si Cristo na namatay para sa atin na mga makasalanan.

42 Ngayon, ang dahilan kung bakit ang Dugong ito ay nabubo, ay dahil, naniniwala ako, na ang gusto ng tao . . . Inaanyayahan ng Diyos ang tao na tumingin, pero ang tao'y gusto niya na—na sarili niya ang maipakita roon. Ang gusto ng tao ay makita ang pinagsusumikapan ng Diyos na ipakita sa kanya, sa batayan ng sarili niyang—sarili niyang ideya patungkol sa bagay na ito. Kita n'yo? Sinisikap ng Diyos na ipakita sana sa tao ang isang bagay, pero ang tao nga'y gusto niyang tanggapin ito batay sa kanyang . . . sa pananaw niya sa bagay na ito.

43 Haya't katulad nga ito sa sinumang may gustong ipakita na tanawin. May dahilan kung bakit ito talaga ang ipinapakitang tanawin. Mayroon . . . Kung sasabihin n'yo, "Tanawin mo 'yung bundok," ngayon may kung anong bagay nga dun na pumukaw ng inyong atensyon, na sinisikap n'yo na ipakita sa akin 'yung bundok na 'yun. Kita n'yo? O, "Tingnan mo ang punongkahoy na ito," kita n'yo, may kung anong bagay sa punongkahoy na 'yun na gusto n'yong makita ko.

44 Ngayon, sinisikap ng Diyos na makuha ang tao na tumingin sa walang salang kahalili na 'yun para sa daan pabalik. At kaso ang tao'y gusto niyang makita Ito sa sarili niyang pamamaraan. Ayaw niyang tingnan 'yung bagay na pinagsusumikapan ng Diyos na maipakita sa kanya, sa walang salang kahalili na ito. Kaya naman, 'yun ang naging sanhi ng problema. Mangyari rin, na kapag ang tao'y tatanaw, sa ganyan niyang paraan, kukuha ng largabista, para tumanaw sa malayo-layong distansya, para tingnan ang sinisikap ng Diyos na maipakita sa kanya, ang tao nga'y nabibigong ipokus ang kanyang largabista nang tama.

⁴⁵ Dito nga sa daan, di pa katagalan, galing sa isang lakad sa taas sa mga kabundukan, may nagsabi, “Heto, kunin mo itong largabistang ito at tumanaw ka *roon* sa isang bagay na ‘yun.” Buweno, kinuha ko ‘yung largabista. Ang tingin ko dun ay tatlo o apat na iba’t-ibang bagay. Ngayon, kita n’yo, alam ko na may kung anong bagay na mali roon. Kita n’yo? Ngayon, itong usa na nakatayo roon sa parang, mukha ngang tatlo o apat sila na nagkukumpulang nakatayo roon. Ngayon, ang totoo nun, isang usa lang talaga ‘yung nakatayong usa roon. Gumagana naman ‘yung largabista. Pero ang kinakailangan ko ngang gawin, ay ituon ang pokus nun hanggang sa makuha ko ‘yung tatlong usa na ‘yun na maging isa na, at maging isang usa. Kita n’yo? At pagkatapos itong. . . Kita n’yo, sa bandang likod ko, alam ko na may. . . isa lang talaga ‘yung usa, dahil ‘yun ang sinabi sa akin. Pero nung kunin ko na ang largabista at sumilip ako roon, ang nakita ko, sabihin na lang natin, na tatlong usa na nakatayo roon. Buweno, wala sa pokus ang largabista. Kinakailangan ko—ko munang ibalik sa pagkaka pokus ‘yung largabista, hanggang sa ang nakikita ko ay isang usa na lang. At hayan nga’t palalapitin nung largabista ang tingin ko roon hanggang sa makita ko kung ano talagang itsura nun.

⁴⁶ Ngayon, ipinagkaloob sa atin ng Diyos ang Biblia. Ngayon, ang Biblia’y ang Salita, at ang Salita ay Diyos. Kaya, ‘yan ang ating panilip. Yun ang ating largabista. Pero, hayan nga, sa tuwing titingin tayo sa Biblia, at apat o limang iba’t iba ang nakikita natin, buweno, kinakailangan ng pokus, kita n’yo. At kinakailangan nating—nating dalhin ang bagay na ito sa isang dako na ang nakikita na nati’y ang nag-iisang dakilang layon para sa Diyos.

⁴⁷ Pero ang gustong gawin ng tao ay magpasimula ng isang organisasyon, na sa *ganitong* paraan patatakbuhin. At ‘yung isa nama’y ang gusto, “Buweno, alam ko. Sa tingin ko kaya kong maging mas bigatin kumpara sa kanya, kaya magpapasimula ako *rito* ng sa akin. Mas pag-aaralin namin nang lalong higit ang aming mga kahalalihan dito, at gagawin namin ang *ganito* at kung anu-ano pa.” Kita n’yo? Nabibigo silang ituon sa pokus ang largabista. Gusto ng Diyos na ang makita nila’y nag-iisang bagay, at ‘yun ang walang salang Dugo na nabubo para sa mga pagkakasala natin. Yun mismo. Yun ang tunay na bagay, ano man ang mangyari. Di natin kailangan ng organisasyon. Wala po akong laban sa kanila, may bagay lang sila. . . ‘yung pinsala na idinudulot nila, na pinagwawatak-watak nila ang mga tao’t sinisira ang pagkakapatiran at ganoong mga bagay.

⁴⁸ Pero iisa lang ang kinakailangan nating tingnan, at ito ang Kahalili natin. Tama. At ang Kahalili na ito’y si Jesus Cristo.

⁴⁹ At mangyari nga ngayon na nakikita n’yo kung papaanong binabaluktot tayo sa loob ng mga organisasyon. At sinasabi nila, “Ang mga Methodist ay nagkakaroon ng rebaybal. Hayan nga’t,

di riyang kasama ang mga Baptist. Methodist lang. At *sila* raw rito ay nagkakaroon ng rebaybal, at kung anu-ano pa.” At kanilang—kanilang tinatapyas palayo ’yung ibang kapatid, sa tuwina. Pero ayaw nga nating ganyan ang makita natin.

⁵⁰ Ang gusto natin ay palapitin nang palapitin pa ang pokus hanggang masumpungan natin na may nag-iisang Diyos. Kung tatlo ang nakikita n’yo roon, siguraduhin n’yong itutuon n’yo ang pokus ng largabista nang mas mainam pa. Kita n’yo? Mali kasi ang inyong—inyong pagtingin. Kaya kinakailangan mong palapitin pa nang palapitin, at nang iyong masumpungan na haya’t iisa lang ang Diyos sa ibabaw nating lahat, at Siya ang Diyos ng buong sangkatauhan.

⁵¹ At kung Siya’y Diyos, na maituturing, may malasakit Siya sa bawat tao, dahil ito’y Kanyang nilikha. At may malasakit Siya sa mga bata. May malasakit Siya sa mga matatanda’t sa mga nasa edad media. May malasakit Siya sa—sa lahat ng mga kulay natin, maging sa puti, sa kayumanggi, sa itim, sa—sa dilaw, sa iba’t ibang kulay ng ating balat mula sa iba’t ibang bansa na pinanggalingan natin at ng mga ninuno natin. Siya nga’y may malasakit sa ating lahat. Siya’y may malasakit hindi lang sa mga Judio, lamang, o sa—o sa lahing dilaw, lahing itim, lahing puti, o anupaman.

⁵² Siya’y may malasakit sa buong sangkatauhan, at sinisikap na mailagay ng sangkatauhan ang pokus sa Kanyang Salita sa iisang bagay, at sabihin, “May iisang Diyos, at ang Diyos na ito ay ibinigay ang walang salang Kahalili, sa pamamagitan ng pagparito; na pinaging, ang Kanyang Sarili, na Tao, para alisin ang kasalanan, upang iligtas ang buong sangkatauhan.” Si Juan na propeta’y napaka ganda ng pagkakalarawan niya rito, “Narito ang Cordero ng Diyos, na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan, ng sinuman.” Ang buong suliranin sa kasalanan ay tinugunan na riyang sa isang walang salang Kahalili.

⁵³ Pero nung hawakan na ng tao ang largabista ng Diyos dito, siya—siya ay mistulang. . . Masyado niyang pinagtutuunan ang natural, na nabigo siyang makita ang espirituwal na pag-uukol na ibinibigay ng Salita.

⁵⁴ Ngayon, kita n’yo, ’yan nga ang isang mabigat na bagay na nagagawa ng tao kapag sinusubukan niyang tumingin, dahil siya’y tumitingin gaya ng pagtingin noon ni Cain sa largabista. Ang tiningnan niya ay—ay personal na katagumpayan. Sa isip-isip ni Cain, “Ngayon, kung magagawa ko lang na maalis si Abel sa daraanan, kung gayon ako na lang ang nag-iisa. Kaya, kita n’yo, hayang nga, wala na ’yung isang ’yun sa daraanan.” Yan mismo ang pinagpipilitang gawin ng tao, sa lahat ng mga taon na ito na nagdaan, ang pinagpipilitang alisin sa daraanan ang isa pa.

55 Samantalang, ang dapat niya sanang ginagawa ay akayin ang isang ito sa daraana't makasama niya dun, at—at maging magkapatid, kita n'yo; sa halip na sabihin, “Oh, ’yang maliit na grupong ’yan, huwag mo silang intindihin. At itong sila *rito*, oh, buweno, sila’y *ganito*, o *ganoon*.” Kita n'yo? Di dapat ganoon ang ginagawa natin. Ang dapat nating pinagsusumikapan ay ang madala ang buong kabuonan nito sa isang—isang solidong larawan, at ’yun ay si Jesus Cristo.

56 Isang batang binibini, nung isang gabi, sa isang panayam, ang sabi niya. . . Haya't ang sabi niya. . . Isang anak na babae raw ng isang ministro ang nagkaroon ng suliranin sa pag-ibig, at—at ang anak na babaing ito’y nawala sa kanyang pag-iisip dahil sa nangyari. Siya nga’y, nawala sa sarili. Isang napaka gandang batang babae, at nasa mga dalawampu't tatlong taong gulang lang.

57 At nung batang paslit pa lang ang babaing ito, mga nasa labing-dalawang taong gulang, nakadalo siya noon sa Chicago. At nakaupo siya noon sa pagtitipon. . . O, sa Elgin, po yata ito. At nakaupo noon sa pagtitipon, dumaan ang Espiritu Santo sa mga taong naroon at tinawag siya, kung sino siya, at ang sabi, “May aligagang puso ka. Ang sabi ng doktor ay di ka na raw mabubuhay pa na aabot sa labing-limang taong gulang. Pero, GANITO ANG SABI NG PANGINOON, magaling ka na.” At di na siya—di na siya nakaramdam kahit kailan ng pananakit ng puso, mula noon.

58 At kagabi may ibang klaseng pananakit siya ng puso. Isa ’yung espirituwal, na pananakit ng puso. Ang nobyo niya’y umalis at may ibang babaing pinakasalan. At, sa kabila nun, ay mahal pa rin ng babaing ito. At ang sinasabi naman nung lalaki ay mahal pa rin daw naman niya, mapasa hanggang ngayon, ang babae, at ang kanyang “tatay raw ang may gusto nun.”

59 Sabi ko, “Oh, kalokohan. Di naman niya dapat pakasalan ’yung isang babae. Ginawa niya ’yun dahil bigo siyang ibigay sa iyo ang tamang uri ng pagmamahal.” Ganoon nga ’yun.

60 Pero, kita n'yo, dahil nasadlak siya sa bagay na ’yun, ’yung babae po’y nakaupo roon na—na para bang makukuba, na. At ang sabi niya, “Oh, alam kong mahal na mahal ako ni Johnny. Alam ko ’yun.” Kita n'yo? Yun lang ang bagay na nakikita niya. Nakulong siya roon sa isang munting mundo, na ginawa niya. Ikinulong niya ang sarili niya sa loob nun.

61 At hinawakan ko siya sa kamay. Sabi ko, “Makinig ka sa akin.” At nagpakita ang Diyos ng isang pangitain, kita n'yo, na alam niyang wala akong nalalaman na anuman patungkol dun, patungkol sa isang bagay na naganap, isang pagkakasundo sa pagitan nila. At nung masabi na ’yun, bigla siyang nakawala sa kinasasadlakan niyang ’yun. Sabi ko, “Ngayon, habang nasa labas ka na n’yan, tumingin ka sa Kalbaryo. Doon kasi’y, ang

gagawin mo'y lalabas ka't magsisimula nang mag-iinom, at isa ka pa namang anak na babae ng ministro, anak ng ministrong Pentecostal, at tapos gagawin mo 'yang mga bagay na 'yan na gagawin mo, pinipilit mong lunurin ang kalungkutan na 'yan; dahil sa isang lalaki, at ang tao na 'yan ay sa isang lagitik lang ng kanilang darili'y wala nang pakialam sa iyo." Sabi ko. "Sa ibayo ng Kalbaryo ka tumingin, binibini. Yun lang ang tanging daan pabalik."

⁶² Kinakailangan nating ilagay ang ating mga sarili sa pokus, na anupa't, sa mabuhay man o sa mamatay tayo, sa malubog man o malunod, sa Kalbaryo pa rin, kay Cristo. Yan ang bagay na ninanais ng Diyos na panumbalikan natin.

⁶³ At ang mga kalalakihan, sa pagtuon sa pokus ng Salita ng Diyos, sa halip na dalhin Ito na mapaglakip at papagsabihin Ito ng isang bagay na ibinubunsod ng Diyos na sabihin Nito, tayo ay tumitingin sa natural na panig. Kaya naman, ito—ito, dahil sa ginagawa ng tao 'yan, naisasadlak niya ang kanyang sarili sa isang dako na lumilihis siya sa dapat sana'y pagkakalatag ng bagay na 'yun. "Ito na kasi ang oportunidad natin, na munting grupo, may kakayahan tayong gawin *ito*, at kayang-kaya natin ito. Di na natin kailangan na makipag-ugnay sa iba pa." At—at sa ganoon, kita n'yo, may unang bagay na inilatag na; pero sa halip na ituon ang pokus dun, para mapagkilala na ito'y pag-ibig sa kapatid na dapat ay taglay-taglay natin sa isa't isa, at—at nagkakaintindihan tayo sa isa't isa, at iniibig natin ang isa't isa, at sumasamba dapat tayo na sama-sama. Ibinababa nila ang isang tao dahil sa kanyang pananamit na isinusuot, o sa—o sa edukasyon na kanyang natamo, o sa kulay ng kanyang balat, o—o sa kung anong bagay na katulad nun. O sa kanyang . . . at dahil dun, tunay nga, naghihiwalayan ang mga tao, at ang tao'y nagkakanya-kanya na pagkatapos nun.

⁶⁴ Ni hindi nabibigyan ng pagkakataon ang panloob na tao na kumilos. Ngayon, tayo ay—tayo ay katauhan na may tatluhang pagkalakip; kaluluwa, katawan, at espiritu. Ngayon, ang kaso'y kapag ang natural na pag-iisip. . . Yang dalawang espirituwal na puwersang 'yan na kumikilos sa inyo ay 'yang pag-iisip n'yo at ang inyong—at ang inyong espiritu. Kita n'yo? Ngayon, ang natural na pag-iisip, ito'y may pagkahilig sa kinang, susubukan nitong abutin ang isang bagay sa pamamagitan ng sarili niyang katalinuhan. Kita n'yo? At kapag gagawin niya 'yan, ang bagay na talagang kinasasadlakan niya kapag ginawa niya 'yan, ay inihihwalay niya ang kanyang sarili mula sa espirituwal na tao na nasa loob niya. At dun nga nagbubunsod ang problema, dun mismo, kita n'yo, sinisikap niyang gawin ito sa kapakanan niya na pansarili.

⁶⁵ Gaya ng naipangusap ko na dito noon, di pa katagalan, sa palagay ko po'y sa tabernakulo, na, "Ang Diyos ay ganoon na lamang kadakila, na kaya Niyang maging simple."

66 Ngayon, tingnan n'yo po, kapag tayo'y nagiging dakila, di natin kayang maging simple. Kita n'yo? Tayo, marami tayong nalalaman. At tayo'y—tayo'y nagiging, “Oh, dapat sa *ganitong* paraan ito, sa paraan kung paano namin sabihin Ito, o di Ito ganoon, ano't anuman.” Kita n'yo? Buweno, sa kakaganoon, napalalampas natin ang Diyos.

67 Pero kung magagawa lang sana ng tao, isang taong dakila, kung magagawa lang sana niya ang pagiging dakila't dakila pa, at patuloy sa pagiging dakila, anong dapat gawin niya? Siya'y babalik at babalik sa pagiging mababa, at tunay na simple, na ang mga tao'y dadaan-daanan lang siya sa ibabaw niya't di nila mapagkikilala, kita n'yo, ang dakilang tao sa kalagitnaan nila.

68 Katulad na katulad sa ginagawa natin. Tayo, sinusukat natin ang electron, binibiyak natin ang atom, at nagpapadala tayo ng—ng mensahe sa buwan, at lalakad tayo sa ordinaryong damo na wala tayong nalalaman patungkol dun. Siyanga. Ang munting bulaklak, na wala ni sinuman ang makapagpaliwanag o makasumpong dun sa buhay na nagtatago sa munting binhi na nasa kaibuturan ng lupa, para magpasibol ng bulaklak sa darating na taon. Isang dahon ng damo, lahat ng siyentipiko sa buong mundo'y hindi makapaglikha ng kahit isang suwi ng damo, ni isang dahon man lang. Kita n'yo? Di n'yo 'yun kayang gawin, dahil may buhay 'yun na kalakip. At kaya naman, kita n'yo, tayo. . .

69 Gaya nga ng kasabihan, “Lalakad ang mga mangmang na may panyapak na pinakuan sa mga dako na pinangingilagan ng mga Anghel na daanan.” At totoo 'yan. Dinadaan-daanan lang natin ang mga simpleng bagay. Dinadaan-daanan lang natin ang Diyos.

70 Dinadaan-daanan lang natin ang isang—isang orkidya, sa paghahanap ng bulaklak na margarita. Ngayon, ganoon nga 'yun, kita n'yo, nadadaan-daanan lang natin ang orkidya. At kung magagawa lang sana nating pasimplehin ang mga sarili natin, bumaba talaga. Na walang sinuman ang pumapansin. . .

71 Yang baging na 'yan diyan, ano 'yan? Diyos. Ano ito? Abo na nanggaling sa bulkan, na may buhay sa loob nito. Bumaling, lumingon kayo dun, may malaking punongkahoy na nakatayo roon, puno ng bulak, sa palagay ko. Ano ito? Abo na galing sa bulkan, na may ibang uri ng buhay sa loob nito. *Itong* uri ng buhay, ang lumikha ng—lumikha ng puno. *Iyon* namang uri ng buhay dun, ang lumikha sa baging. Kita n'yo?

72 At ano tayo? Abo na galing sa bulkan, na may buhay sa loob. Ano ang lumikha para maging ganito tayo? Maaari naman na di tayo higit sa abo na 'yun, pero ang Diyos nga'y naglagay ng Walang Hanggang buhay sa atin, at sa ganoon ay naging sakop tayo sa Diyos. Kaya naman, tayo'y—tayo'y nakatingin, nakatuon sa Salita ng Diyos dahil dun.

73 Pero ang tao nga'y di niya binibigyan ng pagkakataon ang panloob na tao na makapagpaliwanag kung ano ang tama, kaya naman 'yan ang dahilan ng problema. Masdan. Nalaman natin, na kung di 'yan ang gagawin ng tao, haya't anong mangyayari? Nalaman natin na ang kanyang pagkamainitin ng ulo, gaya ni Cain, ay iinit, kita n'yo, nang ganoong kadali. Siya'y nainggit. Di niya nagustuhan na ang Diyos, sa kabila ng inihandog niya, ay tinanggap ang hain ni Cain. . . o hain ni Abel imbis na ang sa kanya. Ang gusto niya'y 'yung kanya, rin. Ang gusto niya'y ang sarili niyang hain. Sariling pamamaraan niya ang gusto niya, kita n'yo, sa halip na magpunta sana kay Abel, at magsabi, "Oh, kapatid ko, ikinagagalak ko na tinanggap ng Diyos ang inihain mo. Ngayon nagkaroon na tayo ng daan, na malaman natin na itong pamamaraan na ito ang tinatanggap ni Jehovah, dahil pinatunayan Niya ito sa pamamagitan ng pagtanggap sa iyong hain." Hindi ba't 'yan ang bagay na dapat—dapat gawin? Pero sa halip na ganoon, siya'y nainggit.

74 Ngayon, hindi ba't nakikita n'yo ang siya ring bagay na 'yan sa mga tao ngayon? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Kita n'yo? Ang gusto ng tao'y sarili niyang pamamaraan, kita n'yo, ngayon, sa halip na tanggapin ang pamamaraan na pinagtibay ng Diyos na Katotohanan.

75 Ang pamamaraan ng pagkilos Mismo ng Diyos sa eksena, at sinasabi, "*Ito* ang pamamaraan. Ang mga tandang ito'y lalakip sa kanila na sumasampalataya. Ako'y sasainyo, sasama sa inyo. Kaunting panahon pa, hindi na Ako makikita ng sanlibutan; subalit Ako'y makikita ninyo, sapagkat Ako'y sasainyo, sasama sa inyo." Kita n'yo, ang sanlibutan, kayo. . . "Di Ako makikita ng sanlibutan, subalit makikita ninyo." Kita n'yo, "Hindi Ako makikita ni Cain, pero iyong makikita, Abel." Kita n'yo? Dahil, ito'y—ito'y parehong-pareho noon.

76 At imbis na magpunta't sabihin, "Buweno, kahanga-hanga nga. Nakikita namin ang Diyos sa kalagitnaan mismo ng mga tao, kumikilos. Gawin natin 'yan"? Hindi, po. Dahil sa kredo, ganoon na ganoon, o kasakiman, ang ibig kong sabihin, at dahil sa inggit, ganoon na ganoon, na mayroon si Cain, siningil niya ang dugo ng kanyang kapatid. Sinadya niyang tanggalin ang kapatid sa daraanan, dispatsahin ang kapatid nang tuluyan. "Wala namang kabuluhan sila't mga grupo lang ng holy-roller. Napaka liit nila." Kita n'yo? Alam n'yo naman po ang ibig kong sabihin. Yun ang nagpasimula ng problema. Doon nagsisimula ang problema. Yan ang pinagsisimulan ng mga sirang pangako. Dahilan ng pagkakasira ng samahan na naghihiwalayan nang tuluyan. Yan ang bagay na nagwasak sa mga tahanan. Yan ang bagay na nagpasimula sa—sa ruweda na gumulong patungo sa diborsyo. Yan ang mismong bagay na sumira sa samahan.

77 Yan ang bagay na sumira ng samahan sa Eden, ay dahil nga sa nabigo si Eba na panatilihin ang kanyang pagkakatuon, ng

pagtingin sa Salita ng Diyos, at nakinig sa pangangatwiran ng kaaway. Kita n'yo? Kita n'yo? Kung nanatili lamang siya sa, "Ito ang sinabi ng Diyos. Yun na 'yun. Ito ang sinabi ng Diyos," pero di ganun ang hinangad niyang gawin. Kita n'yo? Pinalitan niya ang pagkaka pokus ng kanyang largabista, at kaya naman ang kanyang nakita, sa halip na isang pamamaraan lamang, ay naging dalawang pamamaraan. Kita n'yo? Nakita niya tuloy, "Buweno, ngayon, maaaring tama naman siguro ang taong ito. Marahil tama siya. Ngayon, alam natin na tama ang Diyos, at siguro tama rin naman ang taong ito. Dagdag na liwanag lang ito sa sinabi ng Diyos." Nakita n'yo na 'yun?

⁷⁸ Yan na 'yan ang siya ring bagay na nangyayari ngayon, saktong-sakto sa pangyayaring 'yun doon. Kita n'yo? Kita n'yo? Dalawang kaisipan ang nakikita n'yo. Iisa lang naman. Walang ibang kredo. Ang Salita lamang, Salita ng Diyos, layunin ng Diyos, plano ng Diyos. Lahat ng iba pang plano ay wala ngang mabuting maidudulot.

⁷⁹ Sa ganyan, haya't si Eba ay nakagawa ng napakasamang bagay, at 'yan ang dahilan kung bakit ang Diyos, sa Kanyang Salita, ay di pinapayagan ang mga kababaihan na maging mga ministro. Kita n'yo? Hindi 'yun pinahihintulutan sa Salita.

⁸⁰ Nitong umaga, sa tahanan namin, nagkukuwentuhan kami, at nakaupo kami sa hapag para mag-almusal, nang maaga. Maaga kaming nagprepara, para makarating kami rito sa oras, at makapunta sa isa pang gawain. Kaya, kami, sabi ko . . . Kami nga'y nagkukuwentuhan sa hapag. At—at napagkuwentuhan namin 'yung tungkol sa, bigla na lang nabanggit, 'yung tungkol sa mga Anghel. Yung maliit na anak kong lalaki, na si Joseph, nakaupo siya roon, may sinabi siya tungkol sa mga Anghel. At sabi niya, "Ngayon, daddy," sabi niya, "ang mga Anghel . . ."

Sabi ko, "Ang Diyos ay lalaki."

"Pero," sabi, "ang—ang mga Anghel ay babae."

Sabi ko, "Hindi 'yun ganoon," Kita n'yo? Sabi niya . . .

⁸¹ "Buweno, pero Sila'y naka . . ." Si Sarah, 'yung anak kong babae, ang sabi, "Pero, daddy," sabi, "pero, sila, sila'y naka palda." Sabi, "Sila, sila'y babae."

Sabi ko, "Yan ay, may kung sinong sikolohista ang gumuhit ng larawan na 'yan."

⁸² Walang makikita, sa Biblia, na ang Anghel ay tinawag na "babae." Ito'y "lalaki," sa tuwina, lalaki, lalaki, lalaki, hindi—hindi "babae." Walang ganoon na ang isang Anghel ay isang babae. Walang ganoon kailanman, sa Biblia. At wala rin, maski sa Iglesya ng buhay na Diyos. Walang ganoon na mensaherong babae. Ang *anghel* ay isang "mensahero." Kaya, hindi 'yun pinahihintulutan ng Diyos.

⁸³ Dahil, sinasabi nga ng Biblia, “Si Adan ay unang inanyuan, at pagkatapos si Eba. At si Adan ay hindi nadaya, haya’t ang babae dahil sa nadaya ay nasa pagsuway.” Kita n’yo? Kaya naman, ang babae. . .Sabi, sinabi ni Pablo, “huwag ninyong pahihintulutan na ang isang babae ay mangaral, o magkaroon ng kapamahalaan, bagkus ay manahimik, katulad ng sinasabi sa—sa kautusan.”

⁸⁴ Ngayon, sa bagay na ’yan, makikita n’yo, ngayon, ngayon, gaya rito sa Pentecostal nating mga grupo, dun sila bumubunot sa kapisanan nila. Kita n’yo? Anong ginagawa nila, iniiba nila ang pokus, “Buweno, ngayon, heto ang isang babae na may kakayahang mangaral na parang kidlat.” Buweno, walang pasubali, na ganyan nga. Tunay. May nabalitaan na akong mga babaing mangangaral, na kung mangaral, ’yung mga lalaki’y ni di sila makatayo sa anino nun na tumbasan ’yun, pero wala nga ’yang anumang kinalaman sa kung ano ang bagay na matuwid; kita n’yo, wala ni isang kinalaman.

⁸⁵ Sinabi ni Pablo, “Kung may magsasalita sa iba’t ibang wika at walang tagapagpaliwanag, manahimik sila.”

Sasabihin, “Hindi ko kayang manahimik.”

⁸⁶ Pero sinasabi ng Biblia na magagawa mo, kita n’yo, kaya’t ’yun talaga ’yun. Kita n’yo? Kinakailangang isagawa ito nang may kaayusan, ilagay ito sa ayos, ilagay sa tamang puwesto, at doon panatilihin sa puwestong ’yun sa tamang ayos nun.

⁸⁷ Kita n’yo, haya’t, nawawala kayo sa pokus. Nagdudulot tuloy ng sama ng loob, kasakiman, at kung anu-ano pa. Imbis na ituan natin ang ating mga sarili pabalik sa Salita, inilalayo natin ang ating mga sarili sa pagkaka pokus, at ang nakikita tuloy natin, “Buweno, hayaan lang natin silang gawin kung ano ang nakikita nilang mabuti.” Kita n’yo, ganoon tuloy, gaya ng nangyari, noon. Buweno.

⁸⁸ Ngayon, nakita natin na winawasak nito ang pagbubuklod ng mga tahanan. Winawasak nito ang pagbubuklod ng mga kaiglesyahan. Winawasak nito ang pagbubuklod sa mga bansa, ganoon na ganoon.

⁸⁹ Ang mga bansa kasi’y gusto nilang makita ang sarili nilang paraan. Ang Alemanya’y gusto nilang makita ang sarili nilang paraan, kanya lang. Ang Rusya’y gusto nitong makita ang sarili nilang paraan, kanila lang. Ang Amerika’y gusto nitong makita ang sarili nitong paraan, kanya lang. Kita n’yo? Kaya naman, kita n’yo, ganun nga. Yun ang espiritu ng mga bansa. Makikita n’yo ’yan saanman kayo magpunta, makikita n’yo ang espiritu ng bansa. Kung saan-saang dako ako nagpunta, at iba-iba ang pamamaraan nila. Kakaiba talaga. Kung may oras ako, siguro’y laktawan ko na lang ang ibang bansa at ipakita sa inyo ang iba.

⁹⁰ Kapag pupunta ka, papasok ka ng Alemanya, makikita mo dun ang espirtung pagkamilitar. Lahat ay pagkamilitar. Dapat

tuwid ang tayo mo, tuwid ang martsa mo, de kahon ka, at lahat na. Pagkamilitar.

⁹¹ Sa Pransya ka naman magpunta, imoral na espiritu ang masusumpungan mo dun, panay babae, at alak, at nakalalasing na inumin, at—at kung anu-anong bagay gaya nun. Kita n'yo?

⁹² Magpunta ka naman ng Finland, makasusumpung ka roon ng matapat na espiritu, na para bang, ang lahat ay marangal. “Kinakailangan nating bayaran ang lahat.” Kita n'yo? Dapat ganoon. Dapat sa ganoong pamamaraan. Kahit na mahirapan pa raw sila sa katratraba, kung ganoon talaga ang halaga, dapat sa ganoong pamamaraan daw.

⁹³ Dito ka naman sa Amerika magpunta, ang sasalubong sa iyo ay malaking, “Ha, ha, ha, ha, ha!” Ganoon nga. Oo. Ganoon ang espiritu ng Amerika. May magsasabi ng maruming biro sa radyo, haya't tatawa ang lahat. Si Ernie Ford, o—o sinuman sa kanila, palaging may birong ibinubulalas, alam n'yo, kahit na saan pa 'yan, si Arthur Godfrey at 'yung grupong tulad nun, kita n'yo, ganoon—ganoon ang espiritu ng Amerika. Sa ganoon n'yo ito masusumpungan.

⁹⁴ At 'yung mga espiritung 'yun ay naiinggit sa iba pang espiritu. At anong gagawin nila? Magdudulot sila ng digmaan. Ganoon nga.

⁹⁵ Ngayon, nakikita n'yo, ang bawat bansa ay kumontrolado ni Satanas. Yan ang sinasabi ng Biblia. Siya ang diyos ng mga bansa. Dinala ni Satanas si Jesus, sa ibabaw ng bundok, at ang sabi. . . ipinakita sa Kanya ang lahat ng mga kaharian noon sa mundo, lahat ng mga kaharian, sa espasyo ng panahon na 'yun. Sabi, “Sa akin ang mga ito. Ginagawa ko sa kanila ang gusto kong gawin sa kanila.” Sabi, “Ibibigay ko sila sa Iyo, kung ako ay Iyong sasambahin.”

⁹⁶ Ang sabi ni Jesus, “Lumagay ka sa Aking likod, Satanas.” Alam Niya na Siya ang magiging tagapagmana ng lahat ng 'yun sa Milenyum. Kita n'yo? Kaya, hindi Niya kailangang yumuko sa harapan niya. Alam Niya na magkakaroon ng. . .

⁹⁷ Ngayon, sa pagparito ng Diyos muli, at kukunin, itatatag ang Kanyang Kaharian dito, kita n'yo, hindi na magkakaroon ng iba't ibang klase ng espiritu; na may espiritu ng Alemanya, at espiritu ng Pransya, at may—may espiritu pa ng Norway, at espiritu ng Amerika. Wala nang mga ganoon. Ang mayroon na lamang ay isang Espiritu, amen, ang Espiritu ng Diyos, na nabubuhay sa bawat puso. Tama. At magkakaroon na lang ng isang bandila, isang bansa, isang bayan, isang pagkakapatid, isang pagka-Ama ng Diyos, at isang pagkakapatid ng mga tao. Pagka-Anak! Oo.

⁹⁸ Kaya naman nalalaman na natin, ang dahilan kung bakit ginagawa ito ng tao, at—at ang dahilan ng lahat ng malalaking di pagkakaunawaan, at kung anu-ano. . . Ngayon, kita n'yo,

hangga't si Satanas ang kumukontrol nito, magkakaroon at magkakaroon talaga ng mga digmaan at sigalot, at digmaan. Sinabi ni Jesus, sa San Juan . . . o sa San Mateo 24, sabi dun, "Makaririnig kayo ng mga digmaan, at mga alingawngaw ng digmaan, at mga digmaan, at digmaan." Bakit? Dahil ang pangulo nga ng mundo, si Satanas, ang kapangyarihan ng mga bansa . . . May espiritu ng bansa *rito*, may espiritu ng bansa *rito*. Diyablo ang lahat ng 'yan. Di sila magkasundo-sundo sa isa't isa. Kita n'yo?

⁹⁹ Nasubukan n'yo na ba 'yun sa bansa ng mga Eskimo sa hilaga, kung saan sumakay kami noon sa mga sled na hila ng mga aso, sa hilagang bahagi ng Alaska, at hanggang sa palibot ng Northwestern Territory? Noong 'yung—'yung kasa-kasama naming taga-roon ay tinatali niya 'yung mga asong ito, na kung tawagin ay mga Husky . . . At kanya ngang tinatali 'yung isa *rito*, at 'yung isa naman *doon*, at 'yung isa *rito*.

Sabi ko, "Para saan 'yang pagtatali mo sa kanila?"

¹⁰⁰ Sabi, "Punung-puno sila ng diyablo, na papatayin nila ang isa't isa." Kita n'yo? Talagang—talagang magpapatayan, 'yun ang laman ng kanilang isip.

¹⁰¹ Buweno, 'yan—'yan nga ang diyablo, kita n'yo. Pumapatay siya. Siya, siya nga'y, ang bansa'y talagang . . . Kahit 'yung mga diyablo'y kumakalaban sa mga diyablo. Kita n'yo? Talagang kinakalaban nila ang isa't isa.

Pero, ang Diyos ay pawang pag-ibig, kita n'yo, kaya wala kayong puwedeng gawin kundi mag-ibigan sa isa't isa.

¹⁰² Kaya, nakita n'yo, ang buong prinsipyo'y nakabatay mismo uli sa kanila na mga espiritu, kung papaanong ganoon ito noon sa pasimula. Ang Genesis ang binhing kabanata, at pinasibol nito ang lahat, sa pasimula, na mayroon tayo sa mundo ngayon.

¹⁰³ Ngayon tayo'y mayroong mga digmaan at pagtatagumpay, mga dakilang pagtatagumpay. Ang isang bansa'y lulusob at gagapiin ang isa, sasabihin, "Karangalan! Natamo namin ang katagumpayan. Tinalo namin sila." At—at tapos, malalaman n'yo na lang, sila'y naging magkaibigan na at magkakamayan, at magkakaroon ng kalakalan sa pagitan ng isa't isa.

¹⁰⁴ At pagkatapos ng kaunting panahon, bago na ang pangulo, o iba na ang hari na uusbong, o iba nang namumuno, iba nang sistema. At, malalaman n'yo na lang, heto na sila, ang kanilang mga apo'y nanumbalik na naman sa mga baril, naglalabanan sa isa't isa, uli. "Mga digmaan, at mga alingawngaw ng digmaan." At itong isa rito'y gagapiin ang isa, "Ngayon paglingkuran n'yo ako, alam n'yo. Ako ang nanalo, at kayo—kayo ang talunan, at ano pa." Kayo'y . . .

¹⁰⁵ Gaya ng narinig ko na may nagsabi noon, "Ang Diyos ang gumawa sa mga tao, at ang tao ang gumawa sa mga alipin."

Ni kailanman ay di ginawa ng Diyos ang tao na pamunuan ang isa't isa. Ginawa ng Diyos ang tao para maging magkakapatid, ganoon nga, maging magkakapatid, hindi pamunuan ang isa't isa. Walang mas nakaaangat na lahi, walang mas nakaaangat na bansa, walang mas nakaaangat na lingguwahe. Iisa lang ang ating lingguwahe, Makalangit. Kita n'yo? Ganoon nga. Isa lang ang ating pagkakapatid: sa sinumang tao. Sinumang tao, maski sinupaman siya.

¹⁰⁶ Bakit kinakailangan pang maglabanan tayo sa isa't isa at magpatayan? Pero ginagawa pa rin nila. Tapos darating 'yung panahon, na may isang mabuting bansa, o isang bansa na may pamamalakad sila roon, na sinisikap nilang gawin ang tama, at ipinaglalaban ang kanilang karapatan, pagkatapos sasalakay ang isang masamang bansa. At pagkatapos heto na't sila na ang mangingibabaw, at *itong* bansa na ito'y magiging ganoon na sa isang *ito*. At pabalik-balik lang, paiba-iba lang, pabalik-balik.

¹⁰⁷ Ang mga bansa'y nagkaroon na ng maraming, maraming mga dakilang katagumpayan sa kanilang bansa na kanilang pinagsumikapan, habang pinagsusumikapan nilang makibaka para sa kanilang kalayaan, at sa mga bagay na tinatangkilik nila sa kanilang—kanilang sarili. At ang kanila—kanila ngang napala ay ano? Hangga't kinukontrol sila ni Satanang, patuloy sila sa pakikipaglaban. Pero kanilang napagtagumpayan nga ang napakaraming dakilang mga katagumpayan, mga dakilang katagumpayan. Puwede nating balikan, ang pinaka simula, at ipakita ang mga punto na ang isang bansa'y namumuno sa isa pang bansa, at ang pagdiriwang ng mga dakilang tagumpay, at iba pa.

¹⁰⁸ Gaya na lang, doon sa Unang Digmaang Pandaigdig, noong dumaan tayo sa Unang Digmaang Pandaigdig, noong marami sa mga bansa ang nagsama-sama at nagtagpo-tagpo sa dako ng labanan sa Alemanya. At doon nga'y ang Belgium at ang iba pa na mga bansa ay lumalaban sa ilalim ng iba't ibang watawat, ang tawag nga dun ay Unang Digmaang Pandaigdig. Ngayon ako . . .

¹⁰⁹ May dalawang kapatid na lalaki tayo rito na nakaupo, o tatlo, marahil apat sa inyo, ang nakakaalala pa rito. Naaalala ko po ito. Ako'y singkuwenta y kuwatro na.

¹¹⁰ At naaalala ko pa't, ako'y batang paslit pa noon, mga nasa siyam, walo o siyam na taong gulang, noong 1914. Hayan nga, siyam, sampu, labing-isa, labing-dalawa, labing-tatlo, labing-apat. Limang taon ako noon nung sumiklab 'yun. Naaalala ko pa 'yun nung sabihin nila na magkakaroon ng digmaan. At ang tatay ko ay mga beinte-dos anyos noon, at ipapadala nila siya sa digmaan. Oh, di ko nga lubos maisip 'yun, na ang tatay ko ay ipapadala sa digmaan. Minsan nga'y parating siya galing sa daan. Nakasakay siya sa isang kalesa. At may dala siyang . . . At galing siya noon sa tindahan, na mga ilang milya ang layo

sa ibaba mula sa amin, at may dala-dala siyang isang sako ng bitsuwelas. Kami. . . At kaya sabi ko. . . Binuhat ko 'yung mga bitsuwelas. Sa isip-isip ko, "Kung lulusob sila rito't magpapa simula ng digmaan, hahambalusin ko sila ng sakong ito ng bitsuwelas kung lulusob sila." Kita n'yo? Ngayon, 'yun ngang sila'y. . . Yung maisip lang ang digmaan, na ang tatay ko ay kinakailangang magpunta sa digmaan!

¹¹¹ Buweno, ang—ang trumpeta'y tumunog, at—at "Suportahan n'yo sa pinansyal ang ating mga tropa," at kung anu-ano pa.

¹¹² At gaya nga ng naaalala natin, "Magpupunta kami roon at patitigilin itong Unang Digmaang Pandaigdig na ito, at aayusin natin ito. At pagkatapos mag-oorganisa sila." Inorganisa nila itong tinatawag nilang League of Nations. "At pagkatapos nun magkakaroon ng kapayapaan, Walang Hanggang kapayapaan. Siyanga. Wala nang digmaan."

¹¹³ Sa loob lang ng diba't dalawampung taon, balik na naman tayo sa ganoon, na mas masiklab pa kaysa sa dati, sa isa na namang digmaang pandaigdig. Kita n'yo? Mga digmaan! Bakit? Dahil sa kasakiman, inggit. Kita n'yo? Hindi nagtagal matapos na mawala si Kaiser Wilhelm sa Alemanya, haya't may isang pumalit, na ang pangalan ay Adolf Hitler, na isang Austriano, at ginulo ang isip nung mga tao, sa impluwensya ng demonyo, na kaya raw nilang hagupitin ang mundo. At, sila, at hayan nga't ginawa nila. Kita n'yo? Diyablo laban sa diyablo, uli, kita n'yo, ganoon nga. At 'yung walang kamuwang-muwang na mga mamamayan ng mga bansang 'yun, na anupa't, dinala nila ang kani-kanilang sarili sa isang digmaan, at sa isang digmaan, at sa isang digmaan. At ganoon lagi ang kalakaran, mula pa noon.

¹¹⁴ Ngayon, ngayon, nalaman nga natin, hayan nga, malalaman n'yo na lang, may isa na namang digmaan na sisiklab. Ngayon, sa muli, ang buong daigdig ay sumabak muli sa digmaan, na may mas pinabuting mga instrumento, at mas pinabuting mga eroplano, at mas malalaking bomba. At sila'y lumaban, at nasugatan, at namatay, at nagutom, at gininaw sa lamig, at lahat na. Digmaan, digmaan, digmaan!

¹¹⁵ Tapos sumapit ang isang araw, na kung tawagin natin, ay V-day. Dito ko nga hinango ang teksto ko ngayon, sa V-day, Araw ng Pagtatagumpay. Yun ang araw na natamo nila ang katagumpayan, at kung saan natamo ng—ng mga hukbo ang katagumpayan laban sa ibang mga hukbo, V-day. Ngayon, may sinasabi nga tayong D-day, at mayroon din tayong V-day. Yung D-day ay 'yung araw na sumabak sila sa labanan. Yung V-day naman ay 'yung araw na pinirmahan ang kapayapaan, noong ang Alemanya at lahat ng mga kakampi nitong bansa't lahat na ay sumuko sa—sa—sa ibang bansa.

¹¹⁶ At anong ginawa natin? Sa V-day, umaawit tayo ng mga awitin. Nagbubunyi tayo. Hinahagis natin ang mga sumbrero

natin sa ere. Ipinuputok natin ang mga baril natin sa ere. Napapahiyaw tayo. Umiihip tayo ng mga silbato. Pinupukpok natin ang mga tambol. Tayo, tumutugtog tayo ng musika. Tayo, tinatapik natin ang likod ng bawat isa. Ano 'yun? Isa 'yung pagtatagumpay. Oh, nagtamo tayo ng pagtatagumpay. Ganoon na lamang na . . . Haya't, damang-dama natin, "Tagumpay tayo. Tagumpay tayo." Itinataas ang mga watawat, at pinatutunog ang mga trumpeta, at, oh, isang mapagbunying panahon para sa atin! "Tagumpay, tagumpay, tagumpay! Tagumpay tayo."

117 At napaka dakilang bagay nga nun. Naghatid 'yun ng kapayapaan sa—sa mga Cristianong bansa, kung matatawag n'yo ngang ganoon. At nagkaroon tayo ng kaunting panahon para makahinga nang maigi. Ang ilan sa mga kalalakihan na buhay, sila'y nakauwi't lahat na. Pero, marami sa mabibigat, na mga araw na 'yun, ay hayan nga't, marami sa mga 'yun, ang matitinding digmaan.

118 Pero, alam n'yo, kung papaanong may ganoong klase ng digmaan na pinakikipaglaban, mayroon ding nananampalataya sa Diyos na mga tao na nagtamasa ng maraming dakilang mga V-day, rin. Oh, siyanga! Mayroon nga sa magkabilang panig, kung papaanong naitutuon ang largabista't itinutuon sa natural na panig, sa mga V-day na ito; hayan din na naitutuon ito sa Salita sa Kasulatan, na naghahatid naman ng ibang V-day sa iba't ibang panahon.

119 Napakarami nating pinagdaanang matitinding pakikibaka laban sa ating kaaway. At ang Diyos ay may magigiting na mga tao sa dako ng pakikibaka na tumindig sa harapan, na nagawa nila na—na bawiin, sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos, ang mga pag-iisip ng mga tao, at ilagay sila sa Kaharian ng Diyos sa ibayo, at lumitaw na mapanagumpay.

120 Nakikibaka tayo araw-araw. Bawat Cristiano'y sumasabak sa labanan, araw-araw. Nasa mismong pakikipaglaban tayo ngayon, tuluy-tuloy ito sa kaibuturan natin, sa pagitan ng tama at mali. "Tatangapin ba natin Ito? Ano bang dapat nating gawin? Yuyukod ba tayo sa sanlibutan? Tatalikuran ba natin ang pag-iisip na ito na natamo natin?"

121 At kung nakikita natin Ito, tumuon tayo Rito. Kunin n'yo Ito mula Genesis hanggang Apocalipsis. Siya ay GANITO ANG SABI NG PANGINOON, sa lahat ng pagkakataon, mula una hanggang sa dulo. Hinding-hindi natin Ito puwedeng talikuran. Hindi tayo puwedeng makipag kompromiso sa iba pa sa kanila. Hindi natin maaatim na gawin 'yun. Kinakailangan nating manatili talaga rito. Ganoon nga. Kahit gaano pang katindi ang kaaway, at kahit na ganoon na lamang katindi ang kanyang makinarya laban sa atin, at napakarami mang organisasyon, at napakarami *nito*, *nun*, o *iba pa*. Tayo, nga'y, ating itinutuon ang pokus, sa Salita ng Diyos, hanggang sa makarating tayo sa iisang

bagay, at 'yun ay ang Dugo ni Jesus Cristo. At Siya nga'y siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman.

¹²² Kaya naman, hindi magiging alintana anuman ang sabihin ng iba. Sabihin man nila, "Tapos na ang mga araw ng himala. Walang Makalangit na pagpapagaling. Walang pagbabautismo ng Espiritu Santo. At 'yang pagbabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, sa mga alagad lang 'yan noon." At lahat ng mga bagay na ito, kanilang pilit na inilalayo ito sa pagkaka pokus. Gayunpaman, ito'y bumabalik at bumabalik sa pagkaka pokus sa Salita, at walang kahit sino ang puwedeng magsabi na wala ito roon. Siyanga.

¹²³ Kaya, tayo nga'y nasa dako ng labanan. Hayan nga't ang mga bayani ng Diyos ay laging nakikibaka sa labanan.

¹²⁴ At kayo, na munting iglesya, sa dako rito'y alalahanin n'yo, na kayo'y kabahagi ng yunit na ito. Kayo'y isang himpilan sa dako rito. Na, alam n'yo naman kung para saan ang isang himpilan. Dapat nga, yamang narito ang ilan na humihimpil sa piling n'yo. Kaya, marapatin n'yo na kayo'y isang himpilan sa dako rito, na isang lugar, para—para panatilihin nakataas ang mga bandera, para gawin ang tama, para ihayag na mapasa hanggang ngayon ay si Jesus Cristo ang tanging nag-iisang pag-asa ng mundo; hindi ang iglesyang Methodist, ang iglesyang Baptist man, ideyang Presbyterian, Katoliko, o Judio man, o anupaman 'yan; lahi, angkan, o kulay. Hindi 'yun. Si Jesus Cristo lamang. Kita n'yo? Siya ang Isang 'yun. Siya ang Mananagumpay natin. Siya ang Isang 'yun. Siya ang Punong Kapitan ng buong kilusan. Ito ang mga utos Niya. Kailangan nating tuparin ang mga utos. Papaano n'yong magagawa na . . .

¹²⁵ Ang ilan nga sa inyo na mga kalalakihan dito'y nagsilbi sa digmaan. Papaano n'yo ngang magagawa na . . . Ang kapitan ay magbibigay ng utos, at tatalikod kayo at kikilos nang paatras, aba'y, guguluhin n'yo lang ang buong hukbo. Siyanga. Ilalagay n'yo lang ang hukbo sa di pagkaka-ayos. Kinakailangan n'yong tuparin kung anong ipinag-uutos. Ang tanging bagay na dapat n'yong gawin, ay tumuon rito, at tingnan ang layon, kung para saan ba ito. Buweno.

¹²⁶ Napakarami nating pinagdaanan na matitinding labanan, mga espirituwal na labanan. Napakaraming V-day ang natamo ng Iglesya; ang ibig kong ipahiwatig dito'y ang Iglesya, ang Katawan ni Cristo. Haya't hindi sistemang organisasyon ang tinutukoy ko rito. Ang tinutukoy ko rito ay ang Katawan ni Cristo. Ang Katawan na binubuo ng mga mananampalataya, sa lahat ng mga kapanahunan, na nagtamo ng maraming dakilang mga V-day.

¹²⁷ Pinag-uusapan nga natin, na dumaan tayo sa maraming digmaan, may mga digmaan at mga alingawngaw ng digmaan, at may mga V-day, at mga V-day, at mga V-day. At sa huli'y

hahantong ito sa malaking labanan sa Armagedon. Yun na ang pinaka huli nito. Kapag ang mundo'y haharap na sa pagbabaka ng Armagedon, 'yun nga ang tatapos sa lahat. Bago lamang ang dakilang Milenyum, lilinisin nitong Armagedon ang buong mundo. Padadalisa'yin nito ang kanyang sarili sa pamamagitan nitong pagsabog ng mga bomba atomika't, abo mula sa bulkan at iba pang bagay na tatakip sa dumanak na dugo ng tao't sa ibabaw ng lupa, at sa kasalanan at krimen. Lulubog siya sa ilalim ng lupa, at ang pag-ungal ng mga bulkan ay sasambulat uli, at panunumbalikin at lilinisin ang mundo para sa dakilang Milenyum. Kanyang lilinisin ang Kanyang Iglesya, sa panahon na ito, para sa grupo ng mga tao na maninirahan dito. Amen. Sa akin—sa akin lang, ay gustung-gusto ko 'yan. Siyanga, po. Darating ang panahon na magiging dakila.

¹²⁸ Ngayon, mga dakilang V-day, naiisip natin ang panahon. Tayo po'y magbalik-tanaw muna. May ilang minuto pa tayo ngayon para tanawin ang ilang mga mandirigma. Magbalik-tanaw tayo at isipin natin ang isa sa . . . Siguro'y makababalik tayo sa mas sinaunang panahon. Pero siguro'y mula lang muna kay Moises tayo bumalik sa ngayon. Si Moises nga'y dumaaan sa panahon na sumabak siya sa dakilang pakikipaglaban, dahil ang iglesya, mismo, ay nakalimutan na nito nang matagal na panahon ang katagumpayan.

¹²⁹ Yan ang problema sa kaiglesyahan ngayon. Nakalimutan na natin nang matagal na panahon na si Jesus Cristo ay siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Nakalimutan na natin na ang Diyos ay Tagapagpagaling, na nagpapagaling sa maysakit. Nakalimutan na natin na ang bautismo ng Espiritu Santo ay ibinuhos sa mga alagad, at ibinigay sa henerasyon at henerasyon, sa sinuman, sinumang may ibig na lumapit. Tayo ay nakalimot na nang, matagal, na matagal, na panahon.

¹³⁰ Ganoon din ang Israel na nakalimot. Sila'y nawili na dun sa Egipto, at sa pagiging alipin nila.

¹³¹ At kaya heto na ngayon si Moises na lumitaw dun, sa sarili niyang intelektuwal na pamamaraan, sariling intelektuwal na tagumpay, para subukan, at sa ilalim ng puwersang militar, na ilabas ang Israel, at siya nama'y nabigong gawin 'yun.

¹³² Pero sa isang Salita lamang mula sa Diyos, sa likurang bahagi ng ilang, ang buong eksena'y naglagablab muli. Anong nangyari kay Moises? Itinuon niya ang kanyang largabista sa pagkaka pokus. Ang layunin pala ng Diyos ay di lang 'yung makapangasawa siya ng magandang itim na babaing Etiopo sa dako roon, at—at mamuhay nang tahimik at magkaroon ng mga anak, at—at alagaan ang mga tupa ng kanyang biyenang lalaki. Haya't ang misyon niya pala'y ilabas ang mga anak ng Diyos, palabas sa pagkaka alipin. Yun ang iniatas sa kanya. Yun ang panukala ng kapanganakan niya.

133 At bawat isa sa atin ay ipinanganak para sa isang bagay. Hindi tayo nailagay rito para sa wala. Yang bundok diyan ay di lang aksidenteng nailagay riyon. Yang punongkahoy na 'yan ay inilagay diyan para sa isang layunin. Bawat isa'y para sa isang layunin. Kinakailangan nitong tuparin kung anuman 'yun. At narito tayo para sa isang layunin. Marahil ang makapagpatotoo sa isang tao at mailigtas sila, at mula sa tao na 'yan ay lalabas ang isang mangangaral na mag-aakay ng milyong kaluluwa kay Cristo.

134 Tingnan n'yo po ang pagkatawag kay Dwight Moody, at ang iba pa sa kanila. Nakita n'yo? Isang munting matandang babae lang ang ginamit, na may . . . Isang munting matandang babae na naglalabada na may taglay na mensahe sa kanyang puso, na gumawa ng isang bagay para sa Diyos, at nag-arkila siya ng isang lumang kuwadra ng kabayo, at humiling sa isang ministro na pumunta roo't mangaral. At walang kahit isa ang dumalo kundi isang maliit na gusgusing batang paslit na lalaki, na nakalaylay ang buhok niya hanggang leeg, at suot-suot ang suspender ng kanyang tatay, siya lang ang nagpunta roon at lumuhod sa may altar nung gabing 'yun. Si Dwight Moody, na nag-akay ng kalahating milyong kaluluwa kay Jesus Cristo. Kita n'yo? Yung babaing 'yun ay pinanukala sa isang gawain. Siya . . . May dahilan. Siya'y ginawang labandera, para sa isang layunin.

135 Huwag n'yong hamakin ang dako na pinaglagyan sa inyo ng Diyos. Bagkus, gawin n'yo ang ipinanukala sa inyo. May parating na dakilang araw ng pagtatagumpay, isa sa mga araw na ito, kung saan ang pakikipagbaka ay tapos na.

136 Ngayon, pansinin. Si Moises, siya'y humayo na, matapos na mailagay ang kanyang largabista sa pagkaka pokus at nakita na 'yun pala ang programa ng Diyos, na 'yun pala ang gagawin niya. Humayo siya. Siya'y marubdob na nakipagbaka. Dumaan siya sa marami't matitinding labanan. Pero isa sa mga dakila niyang, pakikibaka na nasubok siya nang lubos, ito nga ang gusto kong—kong pagtuunan dito. Noong, kanyang makamit, sa pamamagitan ng pagpapamalas ng mga tanda't kababalaghan, sa pamamagitan ng iba't ibang bagay na ipinakita sa kanya ng Diyos, na bigkasin niya lamang ang Salita't ito'y magkakatotoo at mangyayari.

137 Ganoon na ganoon din ito sa atin ngayon, bigkasin lang ang Salita sa mga maysakit, [Pinalagitik ni Kapatid na Branham ang kanyang daliri—Pat.] at masdan n'yo Ito na nagpapagaling, at ginagawa ang iba't-ibang bagay na ito na binigkas ng Salita ng Diyos sa pamamagitan ng mga labi ng tao. "Sabihin n'yo sa bundok na ito, 'Malipat ka,' at huwag mag-alinlangan, kundi manampalataya na ang sinalita mo ay magkakatotoo, kakamtin mo ang iyong sinabi." Yan mismo ang sinabi ni Jesus. Ngayon, sinasampalatayanan nga natin 'yan, at pinanghahawakan 'yan, at inaangkin 'yan, at sinasampalatayanan 'yan.

138 At ngayon, ganyan ang ginawa ni Moises. At humayo na siya roon, at pinatunayan ng Diyos ang pagsama sa kanya. Pero matapos na mapapunta siya roon na buong-buo, ang Diyos . . .

139 Mistula nga, na sa buhay Cristiano, kung ang isang tao ay di buong naka-sentro kay Cristo, ang buhay Cristiano, ay para bang, napakaraming kalakip na mga kabiguan. Pero ang mga kabiguan na 'yan ay—ay Makalangit na kalooban ng Diyos para sa atin. Ngayon, mistula ngang hindi ganoon 'yun, pero ito pala ang pamamaraan ng Diyos ng paggawa sa mga bagay-bagay. Pinahihintulutan Niya na sumabak tayo sa ilog, para makita kung anong gagawin natin.

140 Pinangunahan ni Moises ang mga anak ni Israel sa daan mismo ng pagganap sa tungkulin, at ang hukbo ni Faraon ay nasa likuran niya, at grabe ang usok ng alikabok dahil sa—sa kalahating milyong kalalakihan na naaarmahan. At heto nga ang dalawang milyong Judio na kaawa-awa't walang magawa, nakatayo roon, kalalakihan, kababaihan, mga bata, at iba pa. At nahaharangan naman siya ng Dagat na Pula. Nahaharangan siya ng dagat na patay. Siya . . . Walang mapupuntahan, Kita n'yo? Pero nagtamo nga noon si Moises ng V-day noong siya'y manalangin. Siya'y nagsumamo't nagsimulang humibik sa Panginoon.

141 At ang sabi ng Panginoon, “Bakit ka humihibik sa Akin? Inatasan Kita na gawin ito. Magsalita ka sa mga anak, na sila ay magpatuloy sa pagsulong sa pagganap ng tungkulin.” Amen. Hayan nga. “Huwag kang humibik sa Akin. Inatasan ka na dadalhin mo ang mga taong ito sa dakong 'yun. Magsalita ka lamang sa kanila, nang sa gayon sumulong sila, manatiling nakalinya sa pagganap ng tungkulin.” Amen.

142 Ganoon dapat ang katapangan na makikita sa isang taong may sakit! Ganoon dapat ang katapangan na makikita sa isang tumalikod sa pananampalataya! Bumaling kayo pabalik, at magpasimula muli. Manatili kayong nakalinya sa pagganap ng tungkulin. Trabaho ng Diyos ang maghawi ng mga Dagat na Pula. Trabaho ng Diyos. Ang inaasahan sa inyong gawin ay ang magsalita at umusad pasulong. Yun lamang ang dapat n'yong gawin.

143 At kay Moises, 'yun ang kanyang V-day, sa dakong 'yun sa may dagat. Oh, napaka maluwalhating V-day 'yun para kay Moises, at para sa mga anak ni Israel na tumalima sa tinig ng kanilang propeta, nung sila'y magsalita't umusad pasulong. Si Moises ay nagwika roon, “Hindi ba't ako'y . . . Sampung himala na 'yang nakita n'yo roon, at nag-aalinlangan pa rin kayo.” At unti-unti siyang lumakad patungo dun sa dagat, na may hawak na tungkod sa kanyang kamay. At ang Diyos ay nagpadala ng hangin sa buong magdamag at hinipan nito ang dagat mula sa

isang gilid patungo sa isa pa, at nakapaglakad sila sa ibabaw ng tuyong lupa, isang V-day.

¹⁴⁴ Tingnan n'yo rito. Sila'y nagsitindig, gaya nga ng sinasabi rito sa teksto natin, na, "Sila'y nagsitindig at inawit ang awitin ni Moises, sa tabi ng dagat na bubog na may halong apoy." Kita n'yo? Kita n'yo? Nagsi-awit sila. At si Moises, noong tumawid na siya roon, at hindi niya alam ang gagawin niya. At nung makatawid na siya. . . .Heto na ang hukbo ni Faraon, sinubukan na gayahin ang mismong bagay na ginawa niya. Mga karnal na panggagaya! At ano ang nangyari? Nilamon sila ng dagat at nilunod sila, bawat isa. At nakita niya ang mga nangamatay na tagapagmando.

¹⁴⁵ Kumuha agad si Miriam ng tambereta't sa may pampang sa ibaba ay agad siyang nagpunta, kinakalampag ang tambereta na 'yun. At nagsisunod sa kanya ang mga anak na babae ni Israel, naghihiyawan, at kinakalampag ang mga tambereta, at nagsasayawan. At si Moises ay umawit sa pahid ng Espiritu. Kung di nga 'yan isang makalumang pagtitipon sa Espiritu Santo, kung ganoon ay di pa ako nakakakita ng isa. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

¹⁴⁶ "Itong mga Egipciong ito na nakikita mo sa araw na ito, di mo na sila makikita pa kahit kailan." Amen. Grabeng panahon! Tapos na.

¹⁴⁷ Balang araw may darating na isa na namang V-day para sa Cristiano, hayan nga. Tama.

¹⁴⁸ Pansinin, si Josue ay nagkaroon din ng V-day sa may ilog, hayan din. Si Josue ay nagkaroon ng V-day sa Jerico. Tunay na nagkaroon siya. Doon nga nung tumawid siya, siya'y nagtamo ng V-day, unang-una, sa may ilog. Naroon nga siya noon at buwan noon ng Abril, marahil isang milya ang lapad nun, nung Jordan, dahil dun sa taluktok ng bundok sa itaas, natutunaw ang mga niyebe. At sa buong kapatagan, ay lumapad ang ilog.

¹⁴⁹ At di na nga nakapagtataakang masasabi ng mga kalaban, "Ngayon, ang Diyos pala'y may pagka anong—anong Heneral din, Siya nga? Pinangunahan ang Kanyang hukbo sa dakong ito sa panahon ng tagsibol, kung kailan pinaka masama ang lagay ng ilog, kung kailan ito ang pinaka malubhang panahon para tumawid, at pagkatapos pangungunahan ang Kanyang hukbo sa dakong ito, at pangungunahan sila na tumawid." Di ganoon.

¹⁵⁰ Pinahihintulutan ng Diyos ang mga kabiguan na mangyari, para ipakita ang katagumpayan. Oh, kung makikita lang sana natin 'yun! Kita n'yo? Itong nakikita n'yong mga bagay-bagay na ito na para bang tinik sa inyo, at nagpapabalisa sa inyo, mga pagsubok lang ang mga ito. Ito'y mga bagay, para manatiling di patitinag, nakatuon ang inyong largabista sa Salita ng Diyos. At salitain n'yo lang ang Salita, at pagkatapos lumakad nang pasulong. Yun lang ang dapat gawin dito.

151 Kapag hahantong tayo sa panahon, na sasabihin natin, “Diyos, di ko na po alam ang gagawin ko. Talagang nagigipit na ako nang husto rito.”

152 Salitain mo lang, “Panginoon, sumasampalataya ako.” At magsimula na kayong lumakad nang pasulong. Ang Diyos ang bahalang maghawi ng dagat. Ang tanging gagawin mo lang ay lumakad nang lumakad. Kita n’yo?

153 Ngayon, nalaman natin na si Josue, nung panahon na ’yun, siya’y nanalangin. At sinabi sa kanya ng Panginoon kung ano ang mangyayari. At nakamit niya ang V-day. Siya’y naging mapanagumpay. Pagkatapos, nung mapanagumpayan na niya ang ilog at nakarating na siya dun sa kabilang ibayo, ano ’yung ginawa niya muna? Inilagay niya ang kaban. . .

154 Na haya’t, ang Salita ay nasa loob nung kaban. Ipinuwesto niya ’yun sa unahan. Tapos kasunod na ang mga mang-aawit, at iba pa, na sumusunod-sunod sa likuran nun. Pero ang kaban ang nauna sa pagtawid, unang-una.

155 Kapag sumasabak sa pakikipaglaban ang Israel, unang-unang lumalakad ang mga mang-aawit. At hayan ngang ang mga mang-aawit ay lumalakad, umaawit. Pagkatapos hihipan nila ang mga trumpeta, at iba pa. Pagkatapos uusad na ang kaban. Pagkatapos, kapag naiusad na ang kaban, ilalapag nila ang kaban, at magsisimula na ang—ang labanan.

156 Pansinin. Pero ngayon, dito po, noong dalhin ni Josue ang Salita unang-una, at inilagay sa mismong pinaka unahan ang Salita, tumawid siya.

157 At sinabi sa kanya ng Diyos, “Kung papaanong sumama Ako kay Moises, Ako’y sasaiyo. Di Kita bibiguin. Ako’y sasaiyo. Walang kahit sino ang makahahambalang sa harapan mo, sa lahat ng mga araw ng buhay mo. Ako’y paroroon. Huwag mong katakutan ang magaganap. Ako’y paroroon.” Kaya naman ano, sa atas na tulad nun, ano bang magagawa ni Josue kundi ilagay sa unahan ang Salita? Amen. Hayan nga. Sa atas na ’yun mula sa Diyos, ilagay n’yo ang Salita sa unahan. At nagbunsod ’yun ng V-day. Oh, inaasahan na talagang darating ’yun. Siyanga.

158 Inilagay niya sa unahan ang Salita, at anong nangyari? Ang kaban nga’y nauna sa pag-usad, sa tubig. At nung mailagay na ito, nahawi ang dagat, ang ilog, pala, at sila’y nakatawid.

159 Tapos anong kasunod na ginawa niya pagkatapos niyang makatawid na roon? Ano ang kasunod na pangyayari, noong nakatawid na siya sa kabilang ibayo? Haya’t nalaman niya, na sila’y nahaharangan ng mga pader, dahil sa takot na nasa loob niya nung sila’y sumapit dun.

160 Pero nakatagpo niya ang Punong Kapitan, isang araw. At siya’y nagtamo ng isa na namang V-day. Kanyang sinaysay sa

kanya kung ano ang gagawin, at ang mga pader ng Jerico ay bumagsak. Papaano nga niya 'yun gagawin?

¹⁶¹ Ang natural na taong sumisilip sa largabista, ay magsasabi, “Ngayon, heto, dinala Mo kami sa dakong ito, at heto ako. Iyo lamang tingnan ang kalaban. Aba, sila’y nasa loob lahat, na may mga panghilagpos. Kung lalapit kami sa pader na ’yan, ay sa aba namin. May mga bato silang nakahilera roon, para sa kanilang malalaking panghilagpos. May mga sibat sila. May mga pampana sila. Kumpleto sila ng mga sandatang nakahilera dun. At sila’y talagang. . .”

Pero, nakita n’yo, inilagay ni Josue sa unahan ang Diyos. At nung gawin niya ito. . .

¹⁶² Wala ito sa kung ano bang pagdadaan mo sa pagpunta mo dun. Ang Diyos ang bahala rito. Basta’t magpatuloy ka lang sa pag-usad, sumunod sa Salita.

¹⁶³ Sinabi Niya, “Kayo’y magmartsa, nang pitong araw. At sa ikapitong araw, magmartsa kayo nang pitong beses. Sa. . . Sa huling pag-ikot, patunugin n’yo ang trumpeta.” Pamamaraan ng Diyos, para iwaksi ang natural. At kumilos ang espirituwal, at ang mga pader ay nagsibagsakan. At sila’y sumalakay nang dire-diretso at kinubkob ang bagay na ’yun. Siyanga, po. Ang Diyos ay nagpatamasa ng V-day sa araw na ’yun.

¹⁶⁴ Si Abraham ay nagtamasa rin ng V-day, pagkatapos na mapangakuan ng isang anak sa tinagal-tagal ng panahon, siya ay sinubok ng Diyos para sa kanyang pag-ibig at katapatan; na tayo’y mga binhing kalakip dun, kung tayo’y sumasampalataya sa Diyos.

¹⁶⁵ At si Abraham ay nagtamo ng V-day. Kailan ’yun? Nung araw bang ’yun na iwan niya ang lupain ng mga kapatagan ng Shinar? Hindi ’yun mismo. Siya nga’y tumawid, tama ’yun, sa Eufrates, at napunta sa kabilang ibayong ito, para manirahan pansamantala. Isa ’yung mabuting araw. Pero ’yun ay parang ano pa rin. . .

¹⁶⁶ Pero ang pinaka pangunahin niyang V-day ay sa itaas ng Bundok ng Jireh, noong umakyat siya roon nung araw na ’yun, nung ibigay sa kanya ng Diyos ang pinaka huling pagsubok. Noong, natamo na niya noon ang kanyang kaisa-isang anak na lalaki. Sinabi ng Diyos, “Ngayon, Abraham, dalhin mo siya sa itaas ng bundok na iyon, at iaalay mo siya bilang handog. Ginawa Kitang ama ng mga bansa. Heto nga ang kaisa-isang bagay na mayroon ka, para ika’y maging ‘ama ng mga bansa,’ dito nga sa pamamagitan ng anak na lalaking ito. Nais Kong patayin mo siya.” Oh, nakikita n’yo ba ito? “Wasakin ang lahat. Wasakin ang mismong ipinanukala. Heto ka nga, Abraham, ika’y nasa halos sangdaan at labing-apat, labing-limang taong gulang na. At naghintay ka ng dalawampu’t limang taon para sa sanggol na ito. At ang bata ay labing-lima o labing-anim na taong gulang

na ngayon. At nais Kong dalhin mo siya sa itaas doon at siya'y patayin mo, para gawin Kitang ama ng mga bansa." Oh, grabe! Siyanga.

¹⁶⁷ Hindi natinag kahit kaunti si Abraham. Hindi siya, hindi siya natigatig sa Salita ng Diyos. Sabi, "Sige po, Panginoon. Heto na po ako't hahayo." Binuhat ang kahoy, at dinala si Isaac doon mismo sa ibabaw nung burol, tunay na may pagtalima. Bakit? Inilagay niya kasi ang utos ng Diyos sa unahan. Papaano nga siya magiging ama ng mga bansa, haya't nag-iisa lang ang kanyang anak, at siya'y lampas sangdaang taon na? Papaano siya magiging? Haya't, heto, ang sabi niya, "Ako. . ." Kanya kasing napagkilala na kung ang Diyos ay nagawang ibigay sa kanya si Isaac, na siya mismo'y mula sa patay, may kakayahan Siya na ibangon ang bata mula sa patay uli.

¹⁶⁸ Ngayon, mga kaibigan, ang Diyos na nagbangon sa atin mula sa mga bagay na ito ng sanlibutan at ng kabulukan ng mundong ito, hindi ba't mas lalong may kakayahan Siya na pagkalooban tayo ng Walang Hanggang Buhay at ilagay tayo sa isang Lupain na wala nang kamatayan? Kita n'yo? Tinitingnan natin itong maliliit na mga pagsubok na ito, at iniisip natin na masyadong malalaki ito. Haya't, ang mga ito'y walang anuman kundi maliliit na panahon ng pagsubok lamang. Kita n'yo? Sinubok ng Diyos si Abraham, pero natamo niya ang kanyang V-day noong umakyat siya roon na may pagtalima sa Salita.

¹⁶⁹ Gaya ng sinasabi-sabi nila sa panahon ngayon, "Alam ko." May napakinggan akong ministro di pa katagalan, binasa ang Mga Gawa 2:38, pero may kinaligtaan siya roon, kita n'yo. Sabi niya, "At sinabi ni Pedro na sila dapat ay magpabautismo, at tapos—tapos matatanggap na nila ang Espiritu Santo," haya't kinaligtaan na basahin ang iba pa Roon. Bakit? Kita n'yo, kinakalaban kasi ng mga organisasyon ang mismong Bagay na 'yun. Ngayon, nakukuha n'yo ba 'yung punto? Kita n'yo? Bakit n'yo ginagawa 'yan? Anong nagbubunsod sa inyo na laktawan ang mga Bagay na 'yan?

¹⁷⁰ Kung sinasabi ng Biblia na Ganito, na basahin Ito mismo sa paraan na sinasabi Nito na Ganito, dapat sabihin n'yo ang siya ring bagay na sinasabi ng Biblia. Sa pagkakataong 'yan n'yo maibabalik ang pagkakatuon sa pokus nang tama, kita n'yo, kapag manunumbalik kayo sa kung anong sinabi ng Salita.

¹⁷¹ Ngayon, nalaman natin diyan, na kayo, inyo lang inilagay ang inyong—inyong. . . kayo'y nawawala sa pagkakatuon.

¹⁷² Ngayon, naituon ni Abraham ang kanyang pagkaka pokus nang tama, dahil sinabi ng Diyos, "Ika'y gagawin Kong ama ng mga bansa," noong siya ay pitumpu't limang taong gulang na, at si Sarah naman ay animnapu't lima.

¹⁷³ At sinampalatayanan niya ang Diyos. Siya, anong ginawa niya? Itinuon niya ang kanyang pagkaka pokus sa GANITO

ANG SABI NG PANGINOON. Siyanga, po. At siya'y lumakad nang tuwid doon, sa GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Araw bawat araw, siya'y lumakad. Taon bawat taon, siya'y lumakad, ipinapahayag na, "Anumang bagay na kontra Rito, ay—ay hindi tama. Hindi, talaga. Kinakailangan na nakalatag sa pamamaraang Ito. Yun mismo ang sinabi ng Diyos."

174 Nakikinita ko ang ilan sa mga kumakalaban sa kanya na palakad-lakad sa palibot, sinasabi, "Ama ng mga bansa, ilan na ba ang anak mo ngayon?"

175 "Walang dipirensya ilan man ang mayroon ako ngayon. Ako'y ama nga ng mga bansa. Yun 'yun."

"Papaano mo naman nalaman?"

176 "Sinabi ng Diyos. Yun na 'yun. Yun ang mahalaga dun. Sinabi 'yun ng Diyos, at 'yun na 'yun."

177 Kaya nagpatuloy si Abraham. At siya'y sumapit dun sa pinaka . . . hayan nga't, kita n'yo, sa pagiging matapat niya; mas nagiging matapat, mas sinusubok. Kita n'yo? Kaya Kanyang dinala siya uli sa ganoon.

178 Ngayon, alalahanin. Kapag . . . itinuturing kayo ng Diyos na karapat-dapat kapag kayo ay may pagsubok. Ngayon, huwag n'yo pong palampasin, na di n'yo ito makuha. Kapag ikaw ay may pagsubok o pagsusulit, ipinapakita lamang n'yan na ang biyaya ng Diyos ay nasumpungan, na ikaw ay nakasumpong ng kaluguran sa Diyos, at panatag ang Diyos na pagtatagumpayan mo ang pagsubok na 'yan.

Kung maaalala n'yo, ganoon ang ginawa niya kay Job.

179 Sabi ni Satanas, "Oh, siyanga, nakita ko si Job sa ibabang roon." Sabi, "Di naman siya ganoong . . ."

180 Sabi ng Diyos, "Siya'y isang sakdal na lingkod. Walang kahit sino sa lupa na katulad niya. Walang katulad si Job. Isa siyang sakdal na tao. Ngayon, siya, siya ang Aking—siya ang Aking karangalan at kaluguran."

181 Sabi ni Satanas, "Oh, ganoon ba. Papaano'y nakukuha naman niya ang lahat ng hinihiling niya." Sabi, "Hayaan Mong mapasa akin siya kahit isang beses lang." At sabi, "Akin, akin siyang ibubunsod na sumpain Ka niya sa Iyo mismong mukha." Sabi, "Ibubunsod ko siya na sumpain Ka."

182 Sabi ng Diyos, "Sige siya'y nasa sa iyong mga kamay na, pero huwag na huwag mong kukunin ang buhay niya." Kita n'yo? Ang Diyos ay may kompiyansa kay Job. Amen.

183 Kapag mistula bang ang lahat na lang sa paligid ay panay lisa, binibigyan ka ng Diyos ng pagsubok. May kompiyansa Siya sa iyo. Hindi Niya kailangang pamihasain kayo na parang bata. Hindi ka isang halaman na pinatubo sa painitang bahay, na isang hybrid. Isa kang tunay na Cristiano. Binibigyan ka ng

Diyos ng pagsubok, para makita kung ano bang gagawin mo rito. Amen. Hindi na nga nakapagtataka na sinabi ni Pedro, “Ang mahigpit na mga pagsubok na ito, haya’t, ibilang ninyo na kagalakan. Ito’y—ito’y lalong higit sa inyo kaysa sa ginto.”

¹⁸⁴ At kadalasan nga’y napapangiwi’t nagbubuntong-hininga tayo, “Oh, buweno, kung magagawa ko lang...” Buweno, ’yan, buweno, isang bagay ’yan na ibinigay sa inyo ng Diyos, para pagtagumpayan. Kanyang—Kanyang—Kanyang nababatid na kaya mong pagtagumpayan ito. Kanya, Kanyang—Kanyang inilalagay sa inyo ang buong pagtitiwala Niya.

¹⁸⁵ At Siya’y nananampalataya kay Abraham...o si Abraham ay nananampalataya sa Diyos, ang ibig kong sabihin. At sinabi nga ng Diyos, di na nga nakapagtataka, sinabihan si Satanas, “Mapapatunayan Ko sa iyo, na iniibig niya talaga Ako.” Sabi, “Ako’y...Sinampalatayanan niya ang pangako, dahil Ako mismo ang nagsabi nito sa kanya.” Kaya siya’y humayo na’t daladala ang sarili niyang anak sa itaas, sa ituktok ng bundok, itinali ang mga kamay nito sa likod, sa, sa araw ring ’yun na sinabi ng Diyos.

¹⁸⁶ Ang munting si Isaac ay parang naghihinala na, alam n’yo. Sabi niya, Genesis 22, sabi niya—sabi niya, “Tatay?”

Sabi niya, “Narito ako, anak ko.”

¹⁸⁷ Sabi niya, “Heto po ang kahoy, at heto rin ang—ang—ang dambana, at lahat. Pero—pero—pero nasaan po ang tupa, kita n’yo, para—para sa—sa paghahandog?” Para bang may kakaiba na siyang nararamdaman. “Ano, ano po ba itong nangyayaring ito? Tayo, may naiwanan tayong isang bagay.”

¹⁸⁸ Hindi nga mahalaga anuman ’yang maisip mo na naiwanan n’yo. Talagang iiwan at iiwan n’yo ’yang mga pakikisamang ’yan at lahat. “Buweno, kinakailangan n’yo ’yang pagsasama-sama n’yo para sa pagbabaraha. Kinakailangan n’yong gawin *ito*. Kinakailangan n’yo rin namang uminom paminsan-minsan. Naiwan n’yo.” Wala kayong naiwan na anuman. Umusad kayo, tumalima sa Salita. Kita n’yo? Yun lang, tumalima lamang sa Salita. Wala kayong naiwan na anuman. Tumalima lamang sa Salita.

¹⁸⁹ Sabi niya, “Sinabi ng Diyos, ‘Dalhin ko siya rito,’ at siya—siya ay...Basta’t umakyat dito sa ibabaw ng bundok. May bagay akong gagawin. Sa pag-akyat ko dun, gagawin ko ’yun.”

¹⁹⁰ Kaya umakyat na siya roon, at itinali ang mga kamay nung bata, at inihimlay siya sa ibabaw ng dambana, nang paganoon. Ang munting si Isaac ay di man lang nagreklamo; tumalima, kita n’yo, tipo ni Cristo. Pagkatapos nung hugutin na niya ang sundang sa kaluban nito, at hinawi ang buhok nung bata para di matakpan ang kanyang mukha, para kunin ang buhay ng bata, ’yun nga ang V-day ni Abraham; oh, grabe, noong siya,

siya'y sinubok sa pinaka sukduhan, patungkol sa kanyang nag-iisang anak.

¹⁹¹ Ngayon, kung kayo nga'y espirituwal, dalhin n'yo 'yun sa pagsubok, noong ibigay ng Diyos ang Sarili Niya, kita n'yo, ang V-day, ang bagay na sinisinta Niya. Ganoon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa lahi ni Adan na bumagsak! Dadako tayo riyang maya-maya.

¹⁹² Pansinin, V-day, ang V-day ni Abraham ay doon sa Bundok ng Jireh, kung saan naglaan ang Diyos para sa kanya ng isang hain sa halip na ang anak niya. Pag-ibig, kita n'yo, pag-ibig. Nung araw na 'yun, pinatunayan ni Abraham sa Diyos, nang walang bahid ng pag-aalinlangan, ang kanyang pagkamatapat. Pinatunayan ni Abraham sa Diyos, ang pananampalataya niya sa Kanya, sapagkat sinabi niya, "Nakamit ko ang binatilyong ito noong ako'y sangdaang taon na, sa pagsampalataya sa isang pangako. At sinabi Niya sa akin na ako ang ama ng mga bansa. Kung hiniling Niya sa akin na kunin ang buhay ng batang ito, ang Diyos nga'y may kakayahan na ibangon siya muli sa mga patay." Whew! Grabe, oh, grabe! Tunay na ibubunsod n'yan na makasigaw ang isang Presbyterian, di po ba? Kita n'yo? "Tunay na ibinigay Niya—Niya—Niya sa akin ang pangako, at Kanya—Kanya—Kanyang ipinakita sa akin ngayon ang—ang katunayan nito. Amen. Kanya, Kanyang pinatunayan talaga ito sa akin, na Kanyang tinutupad ang Kanyang Salita."

¹⁹³ Buweno, tayo naman saan Niya tayo hinango? Sa anong uri ng gusot ako nagmula? Sa anong uri kayo hinango palabas? Nasaan ang ating pag-iisip sa umagang ito? Ano ang ginawa Niyang pagpapatunay na mapasaatin ngayon? Walang duda sa bagay na ito. Amen. At ang ating—ang ating V-day ay tiyak na tiyak. Matatamo't matatamo natin ito. Kita n'yo? Pinatunayan na Niya kasi ito.

¹⁹⁴ Sinabi ni Abraham, "Pinatunayan Niya ito sa akin. Ako'y dating walang anak. Isa akong—isa akong matandang lalaki. Ako'y baog, at ang sinapupunan ng asawa ko'y patay. At kami nga'y. . . Siya'y animnapu't lima, at ako nama'y pitumpu't lima, pero sinabi ng Diyos, 'Ako'y magkakaroon ng anak sa kanya.' Yun na 'yun. Yun na mismo 'yun." Sinabi ni Abraham, "Akin 'yung sinampalatayanan."

¹⁹⁵ Pagkatapos isinalang siya ng Diyos sa dalawampu't limang taon ng pagsubok. Hindi 'yun inalintana ni Abraham. Lumabas pa nga siyang mas malakas kaysa nung kung ano siya dati, na patuloy sa nagpupuri sa Diyos. Walang duda, tumunghay ang Diyos at nagsabi, "Talagang tunay na lingkod!"

Sabi, sabi ni Satanas, "Oh, totoo kaya."

Sabi, "Siya. . ."

¹⁹⁶ “Hayan nga’t Aking—Aking patutunayan na iniibig niya talaga Ako. Dalhin mo siya roon, sa ibabaw ng burol, sirain mo ang mismong patunay. Dalhin mo siya roon.”

At nagpunta nga si Abraham para gawin ’yun. Siyanga.

¹⁹⁷ At si Abraham, noong akma na niyang kukunin ang buhay ng anak niyang ito, hinawakang mahigpit ng Espiritu Santo ang kanyang kamay, ang sabi, “Abraham, ihinto mo ang iyong kamay. Alam Ko na iniibig mo Ako.” Amen.

¹⁹⁸ Ganyang klase ng tao ang gusto kong maging, iniibig ang Diyos anupaman ang mga bagay-bagay na nangyayari. “Ihinto mo ang iyong kamay.” Ibibigay sa inyo ang pagsubok, kung saan taliwas ito sa inyong sariling pag-iisip. Pero, kung ’yun talaga ang sinabi ng Salita, ’yun ang gawin n’yo, ano’t anuman. Kita n’yo?

¹⁹⁹ “Ihinto mo ang iyong kamay. Alam Ko na iniibig mo Ako, dahil di mo nagawang ipagkait sa Akin kahit ang iyong kaisa-isang anak.” Sabi, “Sa pagpapala, pagpapalain Kita,” sabi, “ang kanyang binhi’y mananaig sa pintuang-bayan ng kaaway, at siya’y mananagumpay.” Oh, ang ganda! Kanyang nagawa, rin.

²⁰⁰ Maya-maya, dadako tayo sa “binhi ni Abraham” diyan. Sige. Ano ang . . .

²⁰¹ Nawaglit ang lahat ng mga pag-aalinlangan kay Abraham. Noong marinig niya ang tunay na Salita, lumisan ang mga pag-aalinlangan. Noong makita niya na pinagtitibay ng Diyos ang Salita, lumisan ang mga pag-aalinlangan. Ang pumapalit ay pag-ibig. “Alam Ko na iniibig mo Ako, Abraham. Di mo Ako pinag-alinlanganang maski kaunti. Kahit na gaano pang katagal ’yang ginawa mong paghihintay, nanatiling sumasampalataya ka sa Akin. Iniutos Ko sa iyo na sirain ang mismong patunay na ibinigay Ko sa iyo. Ibinigay ang patunay na ’yan, tapos uutusan kang sirain ito. At ganoon na lamang ang pag-ibig mo sa Akin, na ika’y nananatili sa Aking Salita kahit ano pa ito.” Amen. Isa nga ’yung tunay na V-day para sa Diyos. Kita n’yo?

²⁰² Si Jacob ay nagtamo ng V-day isang beses. Siya’y takot na takot na bumalik sa kanyang kapatid, dahil ginawan niya ito ng kasamaan noon. Pero, sa kabila nun, ang Espiritu Santo’y sinimulang balaan siya, sa kanyang puso, “Bumalik ka sa lupain mong tinubuan kung saan ka nanggaling. Sa lupain mong tinubuan kung saan ka nanggaling. Nakagawa ka ng kasamaan sa dakong ’yun, kaya ngayon isinusugo Kita na bumalik ka roon.” At nung palapit nang palapit na siya, siya nga’y . . . Siyempre naman, ganoon talaga.

²⁰³ Yan ang dahilan kung bakit atat na atat ang diyablo na mailigaw tayo. Kita n’yo? Yan ang dahilan kung bakit atat na atat ang diyablo na mailigaw ang Nobya, ang Iglesya, dahil, sa oras na ito, palapit na nang palapit sa V-day. Siyanga. Siya’y palapit na nang palapit. Sa ganitong panahon ginagawa na ng

kaaway ang pinaka matindi niyang magagawa, para manglihis. Ang sabi ng Biblia, “Sa aba ng lupa, sapagkat ang diyablo ay katulad sa isang umaatungal na leon, sa huling mga araw na ito, na lumilibot-libot, sinisila ang lahat ng masisila niya, kita n’yo. Sa aba nila, ang mga pag-uusig at mga bagay-bagay ay magaganap.” Manatili po kayo Rito. Huwag kayong lilihis, sa kanan o kaliwa. Manatili kayo sa Salitang ’yan. Yan ang sinabi ng Diyos. Yun na mismo ’yun.

²⁰⁴ Si Jacob, may kauhawan sa kanyang puso, ang lahat ay para bang mali. Nagnais siyang makauwi. Pinangungunahan siya ng Espiritu Santo. May ginawa siyang pangako sa Diyos. Kinakailangan niyang magpunta ng Bethel, para magbayad ng mga ikapu na ito at lahat. At heto na nga, sa paglalakbay niya pabalik, nalaman niya na si Esau, ang kaaway niyang kapatid, ay—ay naroon lang sa kabilang pampang ng ilog, naghihintay sa kanya, na may kasa-kasamang hukbo. Hayan nga’t, si Jacob ay isang matatakutin, gayong kamit niya ang mga pagpapala ng Diyos. Nangako ang Diyos na pagpapalain siya. Nasa kanya ang karapatan sa pagkapanganay. Amen.

²⁰⁵ Isa ngang saktong tipo ng Iglesia ngayon, na kamit na ang bautismo ng Espiritu Santo, kamit na ang pangako ng Salita ng Diyos na pagtitibayin ito, dahil kayo’y naging bahagi ng Salita, ang karapatan sa pagkapanganay.

²⁰⁶ At kamit-kamit nga ni Jacob ang pagkapanganay. Amen. Kanyang. . . Ang kapatid niya’y walang pagpapahalaga rito. At nasa sa kanya mismo ang pagkapanganay, dahil ipinagbili ng kanyang kapatid ang pagkapanganay sa kanya sa kung anong bulanglang na lutuin.

At ganoon din na ang kaiglesyahang daigdig ay ipinagbili nila ang kanilang pagkapanganay.

²⁰⁷ At salamat sa Diyos, natamo natin Ito. Oo. Natamo natin Ito. Ano bang dapat nating ipag-alala tungkol sa kapisanan ng mga iglesia, at sa League of Nations, at sa lahat ng mga bagay na ito, basta’t kamit-kamit n’yo ang pagkapanganay?

²⁰⁸ Ang kinakailangan ngang gawin ng iglesia, ay gawin ’yung katulad sa ginawa noon ni Jacob, manalangin nang manalangin hanggang sa makamit ang isang V-day. At, siyanga’t, si Jacob ay nakipagtuos sa pakikipagbuno. Nakipagbuno siya buong magdamag sa haba ng gabi, sa Panginnoon, haya’t ang sabi pa niya, “Hinding-hindi ako bibitiw sa Iyo hangga’t di ko kamit ang pagtatagumpay na ito.” At nung mag-uumaga na, nung umagang ’yun, nagkamit siya ng V-day. Haya’t di na nga siya nakakapaglakad nang maayos, di gaya ng dati. Haya’t, sa *panig* na ito, siya’y isang sikat na malaki’t, malakas, na matatakuting miyembro ng iglesia. Pero, sa kabilang panig naman na ito, siya’y isang maliit, na paika-ikang saserdote, o prinsipe, ang

ibig kong sabihin; isang maliit, na paika-ikang prinsipe, na may sapat na tapang para sumagupa sa isang malaking hukbo.

Ang sabi pa nga ni Esau, “Bibigyan kita ng hukbo mo.”

Sabi niya, “Di ko na ’yan kailangan.” Nagtamo kasi siya ng V-day.

²⁰⁹ Hindi natin kailangan ang kanilang mga organisasyon. Di natin kailangan ang kanilang—kanilang mga bagay-bagay na makamundo. Di natin kailangan ang kanilang. . . na nakaayon sa mga bagay dito sa mundo. May V-day na tayo. Nakipagbuno na tayo nang isang araw, o isang gabi.

²¹⁰ Oh, tandang-tanda ko pa noon ang pakikipagbuno, noong—noong kinailangan kong mamatay sa aking sarili. Pero may dumating nga na V-day, noong nakamit ko ang tagumpay, na ang Salita ng Diyos ang tama pala. Ang iglesyang Baptist, sa akin, ay kung ano na lamang na ibang organisasyon. Ganoon nga. Nagkamit ako ng V-day. Ang Salita ng Diyos ang tama.

Sabi ni Dr. Davis, “Naku, magiging holy-roller ka n’yan.”

Sabi ko, “Kahit isa pa akong holy-roller, o di holy-roller!”

²¹¹ Doon, sa may Green’s Mill, magdamag akong nanalangin, hanggang sa ang Anghel ay dumating nung umagang ’yun, ang Liwanag na ’yun. Sabi. . . Ano? Sinusubukan ko noong iwaglit itong mismong bagay na ibinigay sa akin ng Diyos na aking dapat ipanlaban, itong mga pangitain, noong sinasabi nila sa akin na Ito raw ay sa diyablo. Hayan nga’t dumating Siya, sinasabi sa akin, pinabalik ako sa mga Kasulatan, “Hindi ba’t ’yan din ang siya ring bagay na ’yun na ipinupula nila sa Anak ng Diyos, at kung anu-ano pa?” Nagkamit ako ng V-day. Wala na sa aking talab ’yun. Nagpunta ako sa pagmi-misyon, at sa palibot at palibot ng mundo. Isang V-day!

²¹² Kita n’yo, si Jacob ay nagkamit ng V-day. Nakipagbuno siya, buong gabi. Pero nung magbukang-liwayway na, naging V-day ’yun para sa kanya.

²¹³ Ang lahat ng dakilang pananagumpay at mga bagay na ito! Kapag nasimulan nang pag-usapan ang mga bagay na ito, wala na ngang dakong hintuan pa, di po ba? Lahat ng dakilang mga pananagumpay na ito ay mainam. Kinalulugdan nga natin ang bawat isa sa mga ito. Lahat ng ito ay tunay na dakilang mga pananagumpay. Itong mga dakilang pananagumpay sa mga pakikidigma, at mga dakilang pananagumpay sa espirituwal na pakikidigma, at iba pa, pawang mga dakila. Pero, napansin n’yo, wala sa mga ito ang tumagal kahit kailan. Kita n’yo? Tayo ay nagkakamit ng dakilang pananagumpay, na pansamantala lang. Ngayon, atin pong. . .

²¹⁴ Nakita natin dito, di pa katagalan, noong sumabak tayo sa pakikidigma laban sa bansang Hapon. Aba, ako—ako. . . Doon po sa bahay namin noon, may maliit na munting abubot kami

roon. May nagbigay sa amin ng maliit na munting, oh, abubot, alam n'yo, parang maliit na estatwang manika. At nakalagay dun, "Gawa sa bansang Hapon." Itinapon 'yun ng isang lalaki at nabasag 'yun. Kita n'yo? At sabihin mo lang na, "Gawa sa bansang Hapon," itatapon nila 'yun sa labas. O, pupunta sila marahil sa tindahan ng mga abubot, itong isang grupo ng mga Ricky, alam n'yo. Di naman sa . . . Mga delingkuwenteng tao na magpupunta roon, sa tindahan ng mga abubot, na kikilos na akala mo maraming alam, kita n'yo, magpupunta't hahablutin 'yung mga bagay na naroon na galing sa bansang Hapon. Gusto nilang ipakita ang kanilang katapatan sa bansa.

²¹⁵ Papaano naman sa Diyos, na pinagtatawanan nila Siya nang mukhaan? Kita n'yo? Kung napakadali para sa kanila ang pumasok sa isang tindahan ng mga abubot at pagtutumbahin ang mga istante roon, at mga bagay roon, dahil may tinda sila sa dakong 'yun na kung anong maliliit na estatwang manika't mga abubot, at kung anong mga bagay, na gawa sa . . . gawa sa bansang Hapon, at dahil sila'y may pagkaka-alit sa bansang 'yun; papaano naman kaya dito sa paninigarilyo, at pag-inom ng alak, pagsisinungaling, pagnanakaw, at mga bagay na gaya nun, kita n'yo, sa tunay na hukbo ng Diyos? Kita n'yo? Nagnanais ang mga taong 'yun na maging matapat. Papaano naman ang pagiging matapat natin? Kung ang mga taong 'yun ay napunta sa bilangguan dahil sa ginawa nilang 'yun, anong magiging dipirensya nun, gusto lang nilang maging tapat sa bansa, sa watawat? Pero ang isang Cristiano ay takot, kung minsan, na magsalita. Kita n'yo? Yan ang dahilan kung bakit kinakailangan natin ng mas marami pang V-day, sa panahon na kinakailangan n'yong ipasakop ang inyong sarili. Kita n'yo? Hayaan n'yong sakupin kayo ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan ng pag-ibig.

²¹⁶ Ang lahat ng mga dakilang pananagumpay na ito ay mga pansamantalang tagumpay lamang. Maging, 'yung kay Moises, ang Israel nga'y bumalik uli sa pagkakabihag. Lagi 'yan, uusbong-mawawala, uusbong-mawawala, nakita natin. Kay raming bayani ang tuloy sa pakikipaglaban, at namatay. Yan na 'yan pa rin ang ginagawa nila sa mga digmaan, sa natural na pagkaka pokus ng largabista. Ganoon din ang ginagawa nila sa espirituwal. Ang mga bayani'y nakikipaglaban at namamatay. Gustong-gusto kong tugaygayin natin ito pabalik. May isang buong listahan ako rito na naisulat, gaya nina Daniel, at mga binatilyong Hebreo, at sila na mga dakilang mananagumpay noon na nagtamasa ng pananagumpay.

²¹⁷ Pero sila, sa pagtugaygay, sa huli ay sumasapit sila sa isang bagay na tinatawag na kamatayan, na kinukuha sila, kita n'yo, maski ano pa. Sila'y tumutugaygay sa ganoon, kita n'yo, sila'y lumalaban, namamatay; lumalaban, namamatay;

nagtatamasa ng mga katagumpayan, namamatay; nagtatamasa ng mga katagumpayan, namamatay.

218 Pero, nakita n'yo, yamang nabanggit ang lahat ng ito, ang tao ay hindi nilikha para mamatay. Ang tao ay nilikha para mabuhay. At kahit na gaano pang karaming mga dakilang katagumpayan ang kanyang nagawa, siya'y namamatay at namamatay, pa rin. At tayo'y magpupunta sa libingan, ililibing nila siya roon, at hanggang dun na 'yun. Lalagyan nila ang kanyang libingan ng lapida, at ang kanyang kabaong, at 'yun —'yun na ang katapusan nun. Nilamon siya ng kamatayan. Ang dakilang Moises na 'yun, dakilang Josue, dakilang mga propeta sa Biblia, halos lahat sila, maliban sa dalawa o tatlo, alam natin kung saan naroon ang kanilang libingan, kung saan nila nilagyan ng pananda. Nilamon sila ng kamatayan at kinuha nga sila. Kita n'yo?

219 Pero isang araw, may dumating na pakikipagbaka, hayan ngang dumating ang Punong Mandirigma na bumababa, si Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos. At nagkaroon ng Pagkabuhay na mag-uli. Yun ang tunay na V-day, matapos na makipagbaka si Jesus at nanaig. Nakipagbaka Siya laban sa bawat kaaway na kinakailangang kalabanin.

220 Sa simula pa lang, noong ipanganak Siya, ipinanganak Siya na may masamang reputasyon, agad, sa gitna ng mga tao, bilang ilehitimong Anak. Nakipagbaka Siya sa bagay na 'yun. "Si Maria, dinala na niya agad ang sanggol na ito kay Jose, na di man lang ikinakasal muna." Naroon nga Siya sa gitna ng mga batang paslit, na masama ang reputasyon. Pero, sa puso Niya, batid Niya na Siya ang Anak ng Diyos. Kita n'yo? Kanya 'yung binuno.

221 Sumapit Siya sa araw na 'yun kung saan maaari na Siyang gumawa ng Kanyang pagpapasya kung anong gagawin Niya, matapos na matanggap Niya ang Espiritu Santo.

222 Sumapit Siya sa araw na 'yun na dinala Siya ni Satanas sa ibabaw ng bundok, at ipinakita nito sa Kanya ang lahat ng mga kaharian sa lupa, at nagsabi, "Puwede Kitang gawing hari na ngayon. Sinasabi Mo na Ikaw ang Anak ng Diyos, at Ikaw ay may kapangyarihan. Ibigay ko sa Iyo ang pamumuno sa lahat ng mga bansa," katulad na katulad sa ginagawa ng anticristo sa panahon ngayon. Pero nagkaroon ng V-day. Nakipagbaka Siya mismo roon. Sabi, "Kung Ikaw ang Anak ng Diyos . . ."

223 Sumapit 'yung oras na 'yun na Siya'y hinamon sa Salita. "Kung Ikaw ang Anak ng Diyos, ipag-utos Mo sa mga batong ito na maging tinapay sila. Kita Mo? At Ikaw kasi'y nagugutom, ngayon kainin mo ang mga ito. Kita Mo? Kung Ikaw nga ang Anak ng Diyos, magagawa Mo 'yan." Magagawa naman Niyang talaga. Siyanga. Pero kinakailangan ngang dumating sa isang V-day. Nagtagumpay Siya laban sa tukso na 'yun. Kita n'yo? Nagtagumpay Siya sa . . .

224 Sabi, “Ngayon maaari Kang maging sikat na Tao. Puwede Mong ilantad ang Sarili Mo, kung ano Ka talaga.” Dinala Siya, sa taluktok, ng templo, sabi, “Magpatihulog Ka. Sisipiin ko ang Kasulatan sa Iyo, sapagkat Ito’y nasusulat, ‘Siya’y magbibilin sa mga Anghel tungkol sa Iyo, na baka matisod Ka ng Iyong paa sa isang bato, ay aalalayan Ka nila.’” Tingnan n’yo nga ang teologo na ’yan na si Satanas. Kita n’yo?

225 “Lumagay ka sa likod Ko, Satanas,” namutawi ang Salita. Isa ’yung V-day. Siya’y namamayani sa bawat V-day.

226 Lumapit Siya roon sa harap ng—ng nanay ng asawa ni Pedro na nakaratay dun, nilalagnat nang husto. Naglalagablab ang init ng lagnat sa buo niyang katawan. Kinakailangan nila ng tulong. Lumakad Siya’t hinawakan ang kamay nung babae. Hindi nakatiis ang karamdaman sa Kanyang Presensya. Tunay na hindi nga.

227 Pagkatapos dumating Siya sa isang dako kung saan may kamatayan sa—sa isang pamilya. Sumapit sa dakong ’yun kung saan may isang lalaki na ang pangala’y Lazaro, isang kaibigan Niya, ang namatay at inilibing, at nakaratay dun sa libingan, at nangangamoy na, dahil ikaapat na araw na. Ang katawan ay nagsisimula nang mabulok sa loob ng tatlong araw, kita n’yo, pitumpu’t dalawang oras, sa kabulukan. At humantong nga sa isang dako kung saan ang buhay at kamatayan ay nagharap. Heto Siya, ang Buhay; naroon naman sa kabila ang kamatayan, na kumuha sa Kanyang kaibigan; nagharap sa isang pagtutuos. Lumapit Siya roon sa may libingan, at itinuwid ang maninipis na mga balikat na ’yun, nagsalita, “Lazaro, lumabas ka.” Oh, grabe! Namutawi ang Salita na ’yun. Naroon nga ang Salita ng Diyos. Ang buhay ay nanumbalik. Nanumbalik ang biktima, mula sa dakong ibayo, sa isang dako, at nabuhay uli. Tunay. Kanyang natamasa ang tagumpay. Siyanga.

228 Karamdaman, tukso, lahat ng maaaring maharap, Kanyang nilabanan ang lahat ng ito hanggang sa pinaka maliit. Isang V-day! Ganoon mismo.

229 Pagkatapos dumating na sa panahong ’yun kung kailan ang buong mundo’y nararatay na sa mga anino, sa mga lupain ng mga anino ng kamatayan; bawat isa, bawat tao, bawat propeta, bawat dakilang tao, lahat ng mga dakilang bayani na ito na isinugo Niya. Lahat sila’y nakaratay dun. Doon nga nakaratay sina Abraham, Isaac, Jacob, Joseph, at lahat sila na nakaratay sa libingan sa ibayong ’yun, nananampalataya; walang ibang patunay kundi ito lamang, “Sinabi ito ng Salita ng Diyos. Sinabi ito ng Diyos.”

230 Tingnan n’yo si Job nung puspusan siyang nakikipagbaka noon. Ito pong asawa niya, maging ’yung asawa niya, mismong kasama niya sa bahay, ang sabi pa nga niya, “Maging hininga niya’y iba na sa akin,” at iba pa. Siya nga’y . . .

231 Grabeng hirap na panahon 'yung dinanas ng tao na ito, mga tukso! At maging si Bildad at lahat sila dun, sabi, at kahit si Elihu, pilit na inaakusahan siya, at mga bagay na tulad nun. Pero alam nga niya na siya'y nanatili sa Salita.

232 At lumapit na ang asawa niya at sabi, "Job, kalunos-lunos na ang kalagayan mo." Sabi, "Bakit di mo na lang sumpain ang Diyos at mamatay ka na sa kamatayang 'yan."

233 Sabi niya, "Nagsasalita ka na parang isang hangal na babae." Uh-huh! Oh, grabe! Grabeng bayani!

Maging si Jesus ay binanggit siya, "Di n'yo ba nabalitaan ang pagtitiis ni Job?"

234 Si Job ay bumaba roon sa tali. Si Abraham ay bumaba roon sa tali. Siyanga, po. Si Isaac ay bumaba roon sa tali. Si Joseph ay bumaba roon sa tali.

235 Sabi ni Joseph, "Huwag n'yo akong ililiping dito, ano't anuman. Ilibing n'yo ako sa dakong 'yun, kita n'yo, ilibing n'yo ako kasama ng aking mga magulang. Ilibing n'yo ako sa paraan na sila'y iniliping, sa Salita, sa parang kung saan sila iniliping, sa lugar kung saan sila iniliping."

236 Ganoon din ang nais ko sa akin. Yan ang dahilan kung bakit nagnanais akong mailibing sa Pangalan ni Jesus. "Dahil sila na mga nakay Cristo ay babangunin ng Diyos sa Kanya," kita n'yo.

237 Kaya heto na nga't nalaman natin, na sa pag-usad at pag-usad at pag-usad, dumaaan ang mga bayani, mga bayani, mga bayani. At heto na nga ang panahon na ang Punong Kapitan, na nagsugo sa kanila. . .Haya't sila'y nagsitumbahan sa dako ng labanan, mga dakilang mananagumpay. Sila'y sumapit sa kanilang V-day, at nagtamasa sila ng pananagumpay laban sa kanilang kaaway. Nagawa nga nilang. . .

238 Si Josue, sa. . .haya't, nung isang beses, pinahinto niya ang araw sa sarili niya mismong pananalita, at di 'yun sumilang. Hayan nga't ang araw ay di lumubog sa loob ng dalawampu't apat na oras. Ang sabi ng Biblia, "Walang tao, bago 'yun o pagkatapos nun, ang nakapag-utos sa araw na huminto, na ang Diyos ay nakinig sa tinig ng taong 'yun."

239 Bakit? Nakita n'yo, nagawa niyang lupigin ang lahat ng mga kaaway. Kita n'yo? Sila nga. Silang lahat ay nalupig, sa lahat ng dako. Kinakailangan niya kasing tuntunin sila isa-isa at patayin sila. Yun nga mismo ang dapat gawin, dahil 'yun ang iniatas sa kanya. At alam niya, na kung aabot pa ng gabi, ang mga kaaway ay magkakaroon ng panahon na magpangkat uli't magpalakas, at malalagasan siya ng mas maraming tauhan. Kaya ang sabi niya, "Kailangan ko ng oras. Kailangan ko ng liwanag. Araw, tumigil ka." Amen. Oh, Diyos. Pinakinggan ng Diyos ang pananalita ng tao at tumigil ang araw. Nanatili ito sa siya ring pagkaka puwesto nito nang dalawampu't apat na oras,

hanggang sa matapos ang pakikipaglaban niya't, masupil niya ang bawat isa sa mga kaaway at magapi sila. Hindi na sila . . . Di na sila nagkaroon ng pagkakataon na magpangkat uli. Siya'y nagpatuloy sa pag-usad.

²⁴⁰ At, sa kabila nun, inihimlay ni Josue ang kanyang buhay, nahimlay sa alabok ng lupa.

²⁴¹ Pero, noong, ang dakilang Prinsipe na ito ay dumating, si Cristo, ang Isa na 'yun na nakita ni Daniel.

²⁴² Ang dakilang manlulupig na 'yun, si Daniel, sa gitna ng lahat ng sari-saring kaguluhan at bagay na gaya nun, at itong dakilang. . . Kung saan, kung may oras pa sana tayo, ay maaari nating tugaygayin siya. Hayan nga't, siya'y nahimlay pa rin sa alabok ng lupa. Ang sabi Niya, "Ikaw nga'y mahihimlay sa panahon na itinakda sa iyo, pero, Daniel, ikaw nga'y babangon muli."

²⁴³ Ngayon, ang pangako ay ipinangako sa kanya, sa lahat ng mga bayaning ito, hanggang, sa kahuli-hulihan, darating ang oras, at napakahalagang oras na ito, na babayaran ito. Si Jesus ay bumaba sa lupa. Ginapi Niya ang bawat sakit. Ginapi Niya ang lahat. Ngayon kinakailangan Niyang gapiin ang libingan.

²⁴⁴ Ginapi Niya ang kamatayan. Hindi matitiis ng kamatayan na tumayo sa Kanyang Presensya. Ni hindi nga Siya nangaral sa kahit anong paglilibing. Hindi, po. Yung babaing balo ng Nain ay palabas na noon ihahatid ang kanyang anak na lalaki, nang paganoon. Pinahinto Niya 'yun, ibinangon ang binatilyo. Oh, grabe! Siyanga, po. Pinatunayan Niya na may angkin Siyang kapangyarihan laban sa kamatayan.

²⁴⁵ Ngayon may dalawa pang natitirang kaaway: ang libingan sa dakong ibayo, at ang impyerno; sheol, ang libingan. Kaya nung araw na 'yun nung Siya'y mamatay anupa't ang araw ay tumigil sa pagsinag, ang mundo—mundo'y nanglupaypay nang husto, ang mga bato'y natungkab mula sa mga burol, at mga bagay gaya nun, namatay Siya. Bumaba Siya roon sa impyerno. Ginapi Niya ang kamatayan. Ginapi Niya ang impyerno. Nung umaga ng Pagkabuhay ay Kanyang ginapi ang libingan. Amen.

²⁴⁶ Ganap na V-day ba kanyo, isang tunay na V-day? Sila'y inilabas mula roon! At di lang 'yun, haya't, nung lumabas Siya roon sa libingan, isinama Niya palabas maging ang mga bihag na naroon. Ang sabi ng Biblia, "Pinangunahan Niya ang mga bihag mula sa kanilang pagkakabihag." Bumangon mula sa libingan, isinama Niya, ang lahat ng mga bayani sa ibayong 'yun. Hindi ba n'yo nalalaman na napaka maluwalhating araw 'yun nung panahon na 'yun, nung sila—nung sila ay pumasok na sa Kaharian na 'yun, grabe, pumasok sa Kaharian ng Diyos, dinala ang mga bihag na banal sa dako roon! Siya'y isang ganap na katagumpayan, isang ganap na pagtatagumpay. Inilabas Niya ang lahat ng mga namatay na bayani. Inilabas Niya sina

Abraham, Isaac, Jacob, Job, ang lahat sa kanila roon, inilabas sila mula sa libinga't isinama Niya.

²⁴⁷ Siya'y nanlupig. Kita n'yo, Siya'y pumarito sa lupa, nilupig Niya ang kamatayan. Nilupig Niya ang impyerno. Nilupig Niya ang libingan. Nilupig Niya ang lahat-lahat. At ngayon, Siya'y bumangon, amen, kasama ang Kanyang mga banal sa piling Niya.

²⁴⁸ “Ngayon Siya'y pumailanlang sa Kaitaasan at nagpadala ng mga kaloob sa tao.” Ano 'yun? Mga tabak, naglagay ng mga tabak sa kamay nila, ang Salita, kita n'yo, upang manlupig. Oh, grabe! Kanyang binigyan sila ng mga tabak, (para saan?) ang Salita, para lupigin ang ano? Karamdaman, kasalanan, mga likong paniniwala, kasamaan, upang dalhin ang bawat isang buhay na nilalang na nagnanais mabuhay, dalhin ang bawat isa sa kanila sa pagkatanto, na, “Sapagkat Ako'y nabubuhay, kayo rin ay mabubuhay.”

²⁴⁹ Kamit na natin ang pakikipagbaka sa pananampalataya. Makipagbaka tayo sa mabuting. . . Ganap ang ating tagumpay, dahil ang ganap nating tagumpay ay positibo. Ito'y sigurado. Kinakailangan. Kamit na natin ang unang bunga nito. Narito na sa mga puso natin ngayon ang patunay nito, dahil natamo na natin ang unang pakikipagbaka sa likuran natin. Nagawa na nating manaig, sa pamamagitan ng Pananampalataya ni Jesus Cristo. Nagkamit tayo ng V-day.

²⁵⁰ Naalala ko sa isang dako roon, mga alas diyes 'yun ng gabi, o nung naroon ako sa dakong 'yun sa isang maliit na lumang silungan, nananalangin, “Diyos, ako'y Iyong patayin o ilitgas Mo.” Nagpunta ako sa mga simbahan. Gusto nilang magpunta ako roon at makipagkamay sa mangangaral.

Sabi ko, “Higit pa riyan ang gusto ko.” Kita n'yo?

²⁵¹ Pagkatapos sa silungang 'yun nung gabing 'yun, nasabi ko, “Diyos, hindi ko na po kayang magpatuloy pa. Ako—ako'y mamamatay.” At noong naroon ako sa luma't, basang gusali na 'yun, haya't ang mga tuhod ko'y. . . Nakaluhod ako noon sa isang lumang latag na sako, na ang mga kamay ko'y nakataas, sinasabi, “Diyos, hindi ko po alam kung papaano mangusap, Ginoo.” Para bang gusto kong sulatan na lang Siya ng liham, para humingi sa Kanya ng kapatawaran. Hindi ko alam kung papaano manalangin. “Ninang kong mapatawad.”

²⁵² Ipinangako ko 'yun noong ako'y halos mamamatay na sa higaan. At itinulot Niya sa akin na. . . Noong sinukuan na ako nung doktor, ang puso ko nga noon ay tumitibok na lang ng labingpitong beses kada minuto. At alam n'yo kung gaanong kabagal 'yun. Sabi nung doktor, “Mamamatay na siya,” at narinig ko 'yun. Sinabihan na ang tatay ko, at hinila na 'yung mga kurtina para takpan ako. At sa loob ng silid na 'yun, sa oras na 'yun, nakikita ko 'yung pinagkakabitang tubo na hugis

J na sumasara; 'yung mga kurtina'y tinatakpan na ako, nang paganoon. Nauulinigan ko 'yung nars dun na umiiyak, sinasabi, "Kaawa-awa nama't bata pa siya, kita n'yo, at heto siya na yayao na." Tumagas kasi 'yung pampamanhid na para lang sana sa gulugod ko at napunta 'yun sa puso ko. Kita n'yo? Kaya labingpitong beses lang ang tibok nun kada minuto.

²⁵³ Noong makauwi ako, kinakailangan kong mapatunayan, na akin—akin talagang minamahal ang Diyos. At ako—ako nga'y lumuhod na sa lapag. Sabi ko, "Hindi ko—hindi ko alam kung papaano manalangin." At kagat-kagat ko—ko ang hinlalaki ko. Naisip ko, "Siguro. . . Ganito kasi ang nakikita ko sa litrato. Ilalapat ko ang mga kamay ko nang *paganito*, pagdidikitin ko ang mga daliri ko." Sabi ko, "Minamahal na Ginoo, nagnanais po akong makapangusap sa Iyo." Pinakinggan ko. Sabi ko, "Di po Kita naririnig." Sabi ko, "Mali siguro ang pagkakalapat ko sa mga kamay ko. Siguro dapat *ganito*." Inilapat ko. . . Sabi ko, "Minamahal na Ginoo, ako. . . Jesus Cristo, nagnanais ako na makapangusap sa Iyo." Sabi ko, "Ginoo, di po Kita naririnig. Iyo po akong tugunin. Naririnig ko ang ibang tao na sinasabi nila, 'Nakipag-usap sa akin ang Diyos.' Ngayon nagnanais po ako na makapangusap sa bagay na ito sa Iyo. Ipinapangako ko sa Iyo na gagawin ko. Nagnanais akong makapangusap. Iyo po bang maipapahintulot na makaparito't makapangusap sa akin, Ginoo?" Sa isip-isip ko, "Mali, mali yata ang pagkakalapat ng mga kamay ko, o di sana'y nangusap na Siya ng anuman." Di ko alam kung papaano 'yun gawin. Ni minsan ay di pa ako nakakapanalangin sa buhay ko. Di ko alam ang gagawin; dito sa munting lumang silungan na ito.

²⁵⁴ Isang araw, pagkatapos, napagtanto ko ito. Napagtanto ko, "Ayon sa mga Kasulatan, kagaya ng naririnig ko na binabasa ito, Siya ay isang Tao. At kung Siya ay Tao, umuunawa Siya na katulad sa Tao." Siyanga. "At kaya naman ngayon di ko po alam kung ako'y naririnig Mo."

²⁵⁵ Sabi ng diyablo, "Aba, sumobra na ang pagkakasala mo sa araw ng habag sa iyo. Wala na. Kita mo, naging masama ka nang husto, na anupa't di ka na Niya patatawarin pa."

²⁵⁶ Sabi ko, "Hindi ako naniniwala. Hindi ko 'yan kayang paniwalaan. Naniniwala ako na makikipag-usap Siya sa akin."

²⁵⁷ Sabi ko, "Ginoo, hindi ko po alam kung may mali akong ginagawa, kung ang mga kamay ko ba'y nakalapat nang tama, o kung papaano ba dapat, ako'y Iyong—Iyong patawarin para rito. Pero nagnanais nga ako na makapangusap sa Iyo." Sabi ko, "Ako ang pinakamababang tampalasan sa buong mundo." Sabi ko, "Ako, marami akong nagawang mga bagay-bagay, at—at ako nga'y tumatakbo palayo sa Iyo, at lahat na," patuloy lang sa pagsasabi ng ganoon.

258 At di n'yo namamalayan, habang nagsasalita ako, doon sa kabilang dulo ng silid ay may lumitaw na maliit na Liwanag, at nagpunta sa gilid na ito ng dingding, at bumuo ng anyong krus na Liwanag, ang Liwanag na 'yun, at nagsimulang makipag-usap sa kung anong wika. Di pa ako noon, di pa nakakarinig ng kahit ano tungkol sa pagsasalita sa iba't ibang wika; di ko pa noon nababasa ang tungkol dun sa Biblia; hinahanap ko 'yung Santiago 5:14 sa Genesis. Hinahanap ko 'yun doon, at nakita ko 'yung Liwanag na 'yun, at nagsasalita 'yun sa kung anong uri ng wika. Pagkatapos naglaho na Ito.

259 At sabi ko, "Ginoo," sabi ko, "Wala po akong—akong—akong nalalaman na kahit ano tungkol sa buhay Cristiano na ito." Sabi ko, "Kung—kung Ikaw po ito na nakikipag-usap sa akin, hindi ko po maintindihan ang Iyong lingguwahe, Ginoo. Pero kung Ikaw lamang ay magsasalita... At sakaling di Ka man makapagsasalita sa lingguwahe ko, kita n'yo, haya't di ko—di ko po kasi naiintindihan ang Iyong wika, pero marahil maaari tayong magkaintindihan sa isa't isa sa ganito: kung Ikaw po ay babalik rito uli, ito'y magiging tanda sa pagitan ko at Iyo, na ako'y Iyong pinatatawad na."

260 Lumitaw nga Ito uli. Oh, pinag-uusapan na lang din natin ang V-day? Ako po'y nagkamit ng isa, siyanga, isang tunay na V-day? Hayun nga Ito uli roon, nangungusap sa ganoon pa ring paraan. At nagtamo ako ng V-day. Oh, grabe!

261 At magmula ng araw na 'yun, noong ilagay Niya ang Salita sa aking kamay, ako'y nakibaka para mapagtagumpayan ang gantimpala, na maglayag sa madugong karagatan.

262 Lahat tayo'y may kamit na tagumpay. Nakipagbaka tayo sa napakaraming tagumpay. At isang maluwalhating tagumpay ang paparating na, malapit na. Ang ganap na V-day natin ay malapit na, sa panahon na ang Anak ng Diyos ay hahawiin ang kalangitan, at sisigaw sa Tinig ng Arkanghel, at Siya'y paririto uli. At mabibiyak ang mga libingan, at lalakad palabas ang mga patay.

263 Sa palagay ko'y pakinggan n'yo po 'yung mga teyp ko rito, patungkol sa pangitain na nagkaroon ako kamakailan lang, o isang paglipat, kung anumang tawag dun, doon sa silid; at ako po'y naparoon sa dakong 'yun at nakita ang mga taong 'yun, na katulad ng nakikita ko kayo ngayon, itong Biblia'y nakabuklat mismo sa harap ko. At batid ng Diyos na totoo ito. Kita n'yo? Hayun nga sila roon, batang-bata, bawat isa, at bawat isa.

264 Hayan nga't nakadalo na kayo sa mga pagtitipon, at alam n'yo, ang mga pangitaing ito. Nakakita na ba kayo ng kahit isa na nabigo? Wala, po. Kamakailan lang dinala Niya ako sa isang dako rito, at sinabi sa akin kung ano 'yung pangyayaring 'yun. Kayong lahat, lahat po kayo, alam n'yo ito. Naganap mismo. Hayun nga ito, talagang eksakto. Di kailanman nabigo.

265 At sinasabi ko nga sa inyo, bilang isang munting grupo ng mga Cristiano na nakaupo rito sa umagang ito, manghawakan kayo sa kamay ng Diyos na di nagbabago. Kayo'y nagtamasa ng pansamantalang tagumpay. Pero may parating nga na tunay na V-day, na ganap, kapag si Jesus ay darating na.

266 “At ang trumpeta ay tutunog; ang mga patay kay Cristo ay magbabangon.” At kung wala pa sa inyo ang pag-asang kamit-kamit, huwag n'yong palampasin ang araw na ito na di n'yo man lang ito nakakamit.

267 May napakinggan nga ako, di pa katagalan, gusto ko pong ulitin dito. Galing po ito, sa pagkakaalala ko, si Billy Sunday ang nagkuwento nito. May isa raw pong binatangyo na nakagawa ng krimen. Di ko lang alam kung napakinggan n'yo na ito, o hindi pa. Siya nga'y nakagawa ng krimen. Ikinulong nila siya, isasalang sa . . . Siya'y ibinilanggo. At kaya nilitis na siya. At—at 'yung huwes ang sabi . . .

268 At lumabas na 'yung lupon ng mga tagahatol. Sabi nila, “Napag-desisyunan namin na ang binatang ito ay nagkasala sa krimen na ito. At kami, na lupon ng mga tagahatol,” sabi, “ang hatol namin ay ang kanyang buhay.”

269 At kaya ang sabi nung huwes, “Sinisintensyahan kita—kita ng kamatayan, sa pamamagitan ng pagbitay sa lubid, hanggang sa ang buhay mo sa lupa ay maparam. At kaawaan nawa ng Diyos ang iyong kaluluwa.”

270 At dinala na 'yung binata sa bilangguan, at ipiniit sa loob na loob na bilangguan, na doon nga'y mananatili siya hanggang sa oras na bibitayin na siya.

271 At nagsidulog ang mga kaibigan sa huwes, at sabi, “Huwes, tumulong kami na mahalal ka sa siyudad na ito. Parang awa n'yo na, parang awa n'yo na, huwag n'yo pong hahayaan na ang binatang ito ay mamatay nang ganoon-ganoon na lang.”

272 Ako nga'y nanggaling sa Texas, may ganun din, pangyayari na tulad nun. Isang kabataang lalaki at isang kabataang babae, kinaawaan sila ng Diyos. Nahatulan nang mamatay, nang tatlo o apat na araw na lang. Sa palagay ko'y nakita n'yo na ito sa pahayagan, sa mga kasa-kasama ko sa dako roon, na haya't ang buhay nila ay kinaawaan.

273 Kaya 'yung mga kaibigan na 'yun ay nagmakaawa, nang nagmakaawa, nang nagmakaawa, 'yung mga kaibigan na 'yun, na huwag itong gawin ng huwes. Kaya makalipas ang kaunting sandali, 'yung gobernador ng estado . . .

274 Yung nanay, sa labas nung pinto, isang araw, sumubasob sa may pinto, parang ganoon, at tumangis na papasukin siya.

275 At pagkatapos may pumasok na lalaki, sabi, “Yung nanay nung binatang, gobernador, narito—narito sa labas. Gusto niyang makipagkita sa iyo.”

At sabi ng gobernador, “Papasukin mo siya.”

²⁷⁶ At ang babae, sa pagpapakababa, gumapang sa kanyang mga kamay at mga paa, patungo sa gobernador, at hinipo ang kanyang sapatos, at nagsabi, “Ginoo, ang anak ko po. Huwag n’yo siyang ipapatay. Huwag n’yo siyang ipapatay. Siya na lang ang mayroon ako sa buhay. Huwag n’yo po siyang ipapatay.” Sabi, “Hindi niya po sinasadya. Patawan n’yo na lang po siya ng habambuhay na pagkakabilanggo. Pero huwag n’yo pong ipakikitil ang buhay niya, gobernador.”

Sabi ng gobernador, “Buweno, sige’t pupuntahan ko siya’t titingnan ko.”

Sabi, “Salamat po.”

²⁷⁷ Kaya nagpunta na ang gobernador sa selda kung saan siya nakapiit, at pumasok sila sa loob. Yung binata’y umasta na parang nagmamataas. Sabi, “May gustong makipagkita sa iyo.”

²⁷⁸ At pumasok na ’yung gobernador, sabi, “Binata, gusto kong makipag-usap sa iyo.” Siya’y umasta na parang nagmamataas pa, nakaupo dun, nakabutones ang damit, di umiimik. Sabi ng gobernador, “Binata, gusto kong magsalita ka sa akin. Gusto kong makausap ka.” At ’yung binata’y umasta na parang di naririnig ang kausap. At sabi niya, “Binata, matutulungan kita kung hahayaan mo lang ako.”

²⁷⁹ Sabi, “Lumabas ka rito. Ayaw kong marinig anuman ’yang sasabihin mo.”

Sabi niya, “Buweno, iho . . .”

²⁸⁰ Sabi ng binata, “Tumahimik ka. Hindi mo ba nakikita na sobra ang nerbiyos ko? Ayaw kong makarinig ng kahit isang salita na sasabihin mo.”

Sabi niya, “Buweno, nagpunta ako . . .”

Sabi niya, “Lumabas ka ng seldang ito.”

Kaya lumabas na ang gobernador. Ipininid nila ang pinto.

²⁸¹ Kaya nung mahimasmasan na siya, ’yung binata, ’yung —’yung pulis na nagbabantay, sa may pinto, sabi, “Ikaw na ang pinaka hangal na taong nakilala ko.”

Sabi niya, “Sino ba ’yung baliw na ’yun, ba?”

Sabi niya, “Iyon ang gobernador ng estadong ito.”

²⁸² Sabi, “Hindi, hindi puwedeng ang gobernador ’yun. Yun lang kasi ang taong makapagbibigay ng amnestiya sa akin, at pagkatapos itinaboy ko siya sa selda ko. Ang tanging tao na maaaring pumirma sa amnestiya ko, at pagkatapos itinaboy ko siya sa selda.”

Habang palabas na noon ang gobernador, sabi, “Siya ang bumuo ng pasya niya.”

283 Kaya, ang pinaka huling bagay na namutawi dun sa binata, noong isinusuot na nila 'yung itim na sako sa mukha niya, para bitayin siya; noong higpitan na nila ang pagkakasuot ng lubid, nailagay na 'yung sako sa mukha niya. Sabi, "Isipin n'yo 'yun. Tumayo ang gobernador sa selda ko at ako sana'y patatawarin kung di ko lang siya sana itinaboy."

284 Papaano natin malalaman kaya, sa umagang ito, na ang Gobernador ay di nakatayo sa tabi ng ating selda sa umagang ito? Huwag na huwag n'yo siyang itataboy, kung hindi pa kayo nakatatanggap ng pagpapatawad mula sa Kanya. Di lang basta Gobernador, kundi Hari pa nga, ang tanging Isa Na maaaring magpatawad sa inyo, Siya nga'y maaaring nakatayo lang diyan sa tabi ng munti n'yong selda na kinabubuhayan n'yo nang matagal na panahon. Bakit hindi n'yo Siya papasukin, kung di pa n'yo nagagawa, di pa n'yo nagagawa ito, kung hindi pa kayo nakasusuko nang buong-buo sa Kanya?

285 Darating ang panahon, na mapagtatanto n'yo na itong munti't mapagpakumbabang paraan na ito, na marahil iniisip n'yo na para bang kalokohan lang, sa ilang grupo ng mga tao na hindi nila alam ang pinagsasabi nila, haya't mapagtatanto n'yo, na ang Gobernador ay narito sa umagang ito. Kung kayo ay may pangangailangan, kung kayo'y nasa loob ng munting selda na 'yan ng karamdaman, hindi kayo makalabas, narito ang Gobernador. Ang Gobernador ng mundo, Siya ay matuwid, at palalayain Niya kayo. Siya'y naparito. Nilagdaan na Niya ang pagpapatawad sa inyo. Sadyang gusto Niyang ibigay ito sa inyo, sa umagang ito. Huwag na huwag n'yong tatanggihan.

Iyuko po natin ang ating mga ulo pansumandali.

286 Kung nag-aasam kayo ng tunay na pagtatagumpay sa oras na ito, habang nakayuko ang inyong ulo, bakit di kayo sumuko at hayaan ang Gobernador ng estado, hayaan ang Gobernador na pirmahan ang amnestiya sa umagang ito. Siya'y handa nang palayain kayo; palayain kayo mula sa pagkakasala, palayain kayo mula sa kawalan ng pananampalataya, palayain kayo mula sa karamdaman, palayain kayo mula sa saanmang naisin n'yo. Gawin n'yo po ito habang nananalangin tayo.

Ngayon kayo po'y manalangin sa sari-sarili n'yong paraan. Kayo po'y makipag-usap sa Kanya. Kita n'yo?

287 Maaaring 'yung bantay ang kumausap sa gobernador. Pero walang magiging kapakinabangan dun. Kita n'yo? Ang binata dapat ang kumausap sa gobernador. Kita n'yo?

288 Kinakailangang kayo ang makipag-usap sa Gobernador. Kung kayo'y may sakit, makipag-usap kayo sa Kanya. Kung kayo'y nagkasala at nakagawa ng mali, makipag-usap kayo sa Kanya. May kapatawaran Siya para sa inyo.

289 Makalangit na Ama, kami po'y lubos na nagpapasalamat. At ako, Panginoon, napakalaki ng pagkakautang ko sa Iyo. Wala

ngang paraan para mabayaran ko ang pagkakautang na ito ng aking kasalanan. Minsan akong nasa selda isang araw, dahil ako'y ipinanganak sa seldang ito. Talos ko po kung ano—ano ang kahulugan ng pagiging malaya. At kaso ang bayarin ay sobrang laki, di ko kayang bayaran. Pero ako nga'y nagagalak, na nung araw na bisitahin Mo ako sa aking selda, akin itong napagkilala, na iyon lamang ang nag-lisa na makapagbibigay ng kapatawaran. Ang tanging paraan lang para ako'y lumaya, at makamtan ang katagumpayan, isang ganap na tagumpay, ay ang tanggapin ang kapatawaran na Iyong nilagdaan para sa akin. At ngayon ako'y malaya na.

²⁹⁰ Ako po'y tunay na nagagalak, Panginoon. Ako'y bumibisita mula sa isang dakong bilangguan patungo sa isa pang dakong bilangguan, mula sa kanila na naiipit sa mga problemang mag-asawa, sa kanila na mga may sakit at nilalagnat, sila na may sakit at nananatili sa pagkakabilanggo, sila na lipos ng sala't nabibilanggo, sila na may matitinding pagkabagabag, at pag-aalinlangan, at nangasa bilangguan. Ako po'y bibisita mula sa isang selda patungo sa isa pang selda, ipatatalastas sa kanila, na ang Gobernador ay parating na, pinatatawad ang bawat isa, pinalalaya ang bawat isa.

²⁹¹ Ama, batid Mo ang puso ng mga tao sa dakong ito ngayong araw na ito. Nawa ang araw na ito'y maging isang V-day, isang ganap na V-day. Nawa ang araw na ito ay maging araw na ang bawat isa, Panginoon, ngayon, ay makatatamo ng tagumpay. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

²⁹² Nawa ang bawat isa na may sakit ay mapagalang, na narito sa gusaling ito ngayon.

²⁹³ Nawa ang likurang bahaging ito ng ilang ay maging oras na ang Tinig ng Diyos ay magsasalita sa pamamagitan ng—ng nagniningas na apoy ng pananampalataya. Oh Diyos, ang munting apoy na 'yun na nag-aalab doon, ng pananampalataya, ang maliit na pag-asang 'yun na nag-aalab, nawa ang Tinig ng Diyos ay mangusap sa pamamagitan nun, sa bawat bilanggo sa umagang ito, at sabihin, “Ako'y paririto ngayon at palalayain kayo.” Kung may batang lalaki o batang babae, lalaki o babae, sa dakong ito, Panginoon, na Ikaw po'y di pa kinikilala bilang kanilang Tagapagligtas, nawa po ang munting Tinig na 'yun ay mangusap, ang maliit na pananampalatayang 'yun, ang Tinig na 'yun ay magsalita mismo ngayon at sabihin, “Oo, naniniwala ako na Diyos nga. Naniniwala ako na Siya nga ang lahat ng sinasabi nila na Siya nga.” At, Panginoon, palayain nawa sila ng munting pananampalatayang 'yun ngayon mismo. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

²⁹⁴ Iyong pagpalain sila. Iyo pong pagpalain si Kapatid na Isaacson dito, Panginoon. Minamahal namin ang batang-bata pang lalaking ito at ang maybahay niya, at mga maliliit niyang

anak. Iyong pagpalain ang munting iglesyang ito, Oh Diyos. Haya't, lubos nga ang aming kagalakan para sa kanila, kami po'y tuwang-tuwa na makita sila na may bubungan sa ibabaw ng kanilang ulunan dito, at isang dako rito. Ikaw nga'y naging lubos na mabuti sa kanila, Panginoon. At kami nga'y lubos ang pasasalamat sa Iyo. Nawa sila'y manatiling mapagpakumbaba lagi at kalugud-lugod, sa Presensya ng Diyos.

²⁹⁵ Iyong pagpalain ang mga baguhan pa lang na nakapasok sa pintuang ito. Iyo pong pagpalain ang mga bisita, Panginoon. Dalangin namin na Ika'y pasasa kanila. At kung di pa nila natatanggap kahit kailan ang ganap na pagtatagumpay, na sila'y makapagsasabi na dapat ng "amen" sa bawat Salita na winiwika ng Diyos, hayang nga, Panginoon, nawa ang kanilang pananampalataya sa umagang ito, na taglay nila sa Iyo, ito'y sumang-ayon nang may diin sa bawat Salita sa pamamagitan ng pagsasabi ng "amen." Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

²⁹⁶ Iyo pong pagpalain kami sa isang paglalakip. Iyong iligtas ang mga maysakit, at ang mga nagdadalamhati. Tumanggap Ka ng kaluwalhatian para sa Iyong Sarili.

²⁹⁷ At, minamahal naming Diyos, nawa kami'y hindi mabalisa pagkatapos nito, at mapag-alaala namin na ang mga pagsubok at mga bagay na ito na dumarating sa amin, ay ipinangyayari dahil iniibig kami ng Diyos. Kanyang ibinibigay ito sa amin, dahil Siya'y may kompiyansa sa amin. Siya'y nagtitiwala na kami'y . . . na may pananampalataya kami at pag-ibig para sa Kanya, na makayanan naming maging matagumpay. Kanyang sisiguraduhin talaga 'yun. At nawa di kami magreklamo at—at mabahala sa bagay na ito. Kami nawa ay sadyang makalakad lang doon at aming sasalitain ang Salita, at lalakad lang nang pasulong. Ang mga dagat ay mahahawi. Darating ang mga V-day. Maipagkaloob nawa ito, Panginoon. At nawa ang araw na ito ay maging isa sa pinakamaluwalhating V-day ng aming panahon. Iyo po kaming pagpalain hanggang sa muli naming pagkikita, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

²⁹⁸ Gusto ko pong sabihin ito, bago po ako umalis. May isa't kalahating oras na lang po ako, para makapunta ng Tucson. Mukhang kaunting oras na lang 'yun para makapagmaneho. Pero gusto ko pong sabihin ito, na tunay na lugod na lugod ako sa pagparito't ramdam ko itong—itong pananampalataya na taglay n'yo. Huwag na huwag po kayong bibitiw rito. Hayaan n'yong ang munting alab diyan ay magningas nang magningas pa. At pakatandaan n'yo, ang Diyos ay nagsasalita sa maliliit na mga alab na 'yan.

²⁹⁹ Kapatid na Isaacson, di ko—di ko alam kung papaano ko ito sasabihin, na lubos talaga akong nalulugod, na nagawa mong makapunta sa dakong ito at—at mapanatiling nakalakip ang—ang pagbubuklod ng grupo rito. Nawa ang Diyos, kapatid ko,

ay pagkalooban ka sa tuwina ng lakas para makapagpatuloy pa. At sa inyo na mga dumadalo rito para makapakinig, nawa ang Diyos ay bigyan kayo ng lakas, Makalangit na kalakasan, para makapagpatuloy pa kayo. Ngayon kung . . .

³⁰⁰ Sa palagay ko may pormal na pagtatapos na gawain kayo sa ilang sandali, na parating, Kapatid na Isaacson. Ipinapasa ko po ang gawain sa kanya.

³⁰¹ At kung mayroon po sa inyo rito, na, na pinag-aaralan ang tungkol sa pagbabautismo sa tubig sa Pangalan ni “Jesus Cristo” imbis na sa mga titulo ng “Ama, Anak, Espiritu Santo,” ang munting pastor natin dito, ay handa lagi, ikagagalak na gawin ’yan, na bautismuhan kayo. Kung may suliranin kayo sa inyong puso, na ninanais n’yong maipanalangin niya sa inyo, narito lang po siya para gawin ’yan. At ako . . . gayong wala akong maraming nalalaman sa kanya, at—at nakatagpo ko lang siya minsan, at nakasama ko siya nang kaunti, at ganoon, may mainam, magiliw, na mapagpakumbabang Cristianong espiritu na masusumpungan sa munting kapatid na ito. At—at ako po’y tiyak na ang Diyos ay dinidinig ang ganoong panalangin tulad n’yan.

³⁰² Dati-rati po ay may isang matandang lalaki na nakatira sa lugar namin, ang pangalan ay Hay. Isa siyang kalugud-lugod na matandang lalaki. Siya’y . . . Sa tuwing may mga . . . Siya’y tunay na mapagpakumbaba at mabait. Pero, haya’t may ilan na iniisip na isa lang daw siyang relihiyosong huwad o kung ano. Pero, alam n’yo, sa tuwing may magkakasakit, tinatawag nila si tandang Tatay Hay para magpunta roon at manalangin para sa kanila. Hindi nga siya isang huwad. Isa siyang tunay na lalaki. At ang matandang sundalong ’yun . . .

³⁰³ May di naniniwala sa Diyos na nakatira roon sa ibabaw ng burol, may pataniman siya. Kaibigan siya ng tatay ko. Ang tatay ko kasi’y isang manginginom. Nakakahiya mang sabihin. Pero, ang katotohanan ay katotohanan, alam n’yo.

Itong Biblia lamang ang nag-iisang bagay na nagsasabi ng Katotohanan. Kita n’yo?

³⁰⁴ Ngayon, may aklat po tayo na tinatawag na kasaysayan; ang sabi hindi raw nakapagsinungaling kahit minsan si George Washington. Duda po ako dun. Duda po ako dun. Siyanga, po. Ako’y . . . Ako—ako—di ako—di ako naniniwala rian. Ang isang bata kahit sa pagkakaluwal pa lang. . . “Ika’y ipinanganak sa kasalanan, inanyuan sa kasamaan, dumating sa sanlibutan na nagsasalita ng kasinungalingan,” sabi ng Biblia. Kaya ako—ako po’y duda sa sinasabing ’yan ng kasaysayan patungkol kay George Washington. Haya’t isinasaysay lang nito ang mabuting bahagi ng tao.

³⁰⁵ Isinasaysay naman ng Biblia ang parehong bahagi ng tao. Si Lot ay isang mabuting tao sa dako ng Sodoma. “Lubhang

nahapis dahil sa kasamaan ng siyudad ang Kanyang matuwid na kaluluwa.” Pero di rin Nito kinaligtaang banggitin na siya’y nakisama sa sarili niyang anak na babae at nagkaanak, hayan mismo, kita n’yo. Isinasaysay Nito ang magkabilang bahagi. Kaya nararapat lang na sabihin natin ang magkabilang bahagi.

³⁰⁶ Ang tatay ko, manginginom, sumasama-sama siya rito sa taong ito na di naniniwala sa Diyos. At pinagtatawanan niya ang matandang lalaki na ito. Lagi niyang pinagtatawanan siya. “Tandang Tatay Hay,” ’yun ang tawag namin sa kanya, “Tatay Hay,” may mangilan-ngilang buhok na lang paikot sa ulo niya. Isa po siyang matandang mangangaral. At nag-aasam nga sila noon ng ulan nung panahon na ’yun. Nangatutuyo na kasi ang mga tanim nila. At ’yung mga tao’y nagpupunta sa isang maliit na simbahan dun, parang ganito rin dito, na ang tawag nila’y Little Opossum Kingdom, doon po sa Kentucky. At sa pagpunta nila roon, sinasabi nila sinasabi niya . . .

³⁰⁷ Siya, si tandang Tatay Hay po, may malimit siyang sabi-sabihin. Sinasabi niya, “Anak, pagpalain ang aking kaluluwa.” Tunay na kalugud-lugod, mapagpakumbabang tao, sumasakay-sakay sa matandang kabayo, isang matandang mangangaral na lumilibot sa kanayunan. At binabayaran siya ng mga taga-roon ng siguro isang basket ng pinatuyong kalabasa, alam n’yo, at kung anuman na makayanan nila, alam n’yo, at siguro mantika rin o kung ano. Hayan nga’t, alam n’yo, ganoon nila bayaran ang mga matatandang mangangaral na lumilibot. Marami sa inyo rito ang naaalala pa ’yung mga mangangaral na lumilibot noong araw sa Silangan.

³⁰⁸ At isang araw ang mga tanim ay nagkakalanta. At sabi ni tandang Tatay Hay, “Buweno, mga anak, pagpalain ang aking kaluluwa.” Pagkatapos niyang magkaroon ng munting gawain katulad nito. Sabi, “Kung mayroon man sa inyo na gustong manatili at manalangin para umulan, na kaawaan ng Diyos ang inyong mga tanim,” sabi niya, “manatili kayo rito kasama ko.” At nanatili ang buong iglesya kasama siya.

³⁰⁹ Bigla na lang, may lumabas, pumunta dun, isang kabataang lalaki, kinuha niya ’yung mga angkasan sa likod ng kabayo, isinilong ’yun—isinilong ’yun sa loob ng simbahan, dahil alam niya na uulan na.

³¹⁰ Yung matandang lalaking ’yun ay lumuhod sa may altar. Ni hindi niya pinagpahinga ang kanyang mga tuhod. Sabi, mga isang oras pagkatapos nun, nakarinig siya ng ingay. Tumingin siya sa paligid. May itim na ulap na paparating sa buong burol. Hayun nga ’yun. Kita n’yo?

³¹¹ Yung taong di naniniwala sa Diyos, na kaibigan ng tatay na nanlilibak sa matandang mangangaral na ito, noong mamatay siya, kinakailangan nilang hawakan siya sa highaan. Nagkaroon siya ng lagnat na tipus. Marami sa inyo rito ang marahil di

alam kung ano 'yun. Oh, kalunos-lunos 'yun. At pilit niyang pinapalagan ang mga diyablo nang ilang oras at ilang oras din, nang tatlo o apat na araw. Napapasabi na lang siya, "Charlie, Charlie." Ang tatay ko po. Sabi niya, "Huwag mong hayaang kunin niya ako. Huwag mong hayaang kunin niya ako. Hindi mo ba siya nakikita na nakaupo ryan sa gilid ng highaan diyan, na may mga kadenang nakabalumbon sa kanya. Huwag mong hahayaan na magapos niya ako. Oh!" Nagsisigaw siya. At hinawakan nila siya, apat o limang lalaki ang hinahawakan siya sa highaan, bago siya tuluyang mamatay.

³¹² Doon po sa Kentucky, may mga lumang sabitang kahoy sila sa gilid ng dingling kung saan puwede nilang pagsabitan ng kanilang damit. Mayroon po ba sa inyo rito na nakakita na sa ganoong bahay, kung saan may sabitang kahoy sila roon?

³¹³ At may nakasabit siya roong kapote. Sabi niya, "Charlie, may isang bote ako ng wiskey sa balsa ryan. Sige't, ibigay mo sa mga anak ko."

³¹⁴ At ang maybahay niya, isang Cristiano, naroon sa labas na kusina, umiiyak, nagluluto ng hapunan. Sabi ng tatay ko, "Di ko puwedeng gawin 'yan."

³¹⁵ At mahigpit nilang hinawakan siya sa highaan hanggang sa mamatay siya, na pumapalag sa mga diyablo.

³¹⁶ Noong si tandang Tatay Hay naman, 'yung pinagtatawanan ng lalaking ito, noong siya naman ang mamamatay na, nasa mga walumpu't lima ang edad, siyannapu ang edad, siya nga'y naidlip. At ang lahat ng mga anak niya'y nagkatipon sa palibot. Naroon din sa palibot ng highaan ang mga apo niya sa sakong na malalaki na. Gumising siya. May mga puting balbas, alam n'yo, may mangilan-ngilan na puting buhok sa palibot ng kanyang ulo. Haya't. . . ang ibabaw ng ulo niya, kalbo. Gumalaw 'yung balbas niya, sabi, "Mga anak, pagpalain ang aking kaluluwa." Sabi, "Iniisip n'yo marahil na patay na ang tandang Tatay Hay n'yo, hindi ba?" Sabi niya, "Buweno, hindi na ako maaaring mamatay pa." Sabi, "Namatay na ako mga ilang taon na ang nakararaan." Sabi, "Akin lamang kakatagpuin ang Panginoong Jesus." Sabi niya, "Oh, maluwalhati talaga ito!" Sabi, "Lahat kayo, na mga anak ko, na nakapalibot sa highaan." Hinawakan niya sila, mula sa pinakamatanda hanggang sa pinakabata, sa kamay nila, at binasbasan sila.

³¹⁷ Pagkatapos sinabi niya sa dalawang pinakamatanda niyang anak na lalaki, sabi, "Alalayan n'yo ako." At inalalayan nila siya sa highaan. Di na niya maitaas ang kamay niya. Talagang mahina na siya.

³¹⁸ Sinabi niya dun sa isang anak na lalaki, sabi, "Itaas mo ang kamay ko." Itinaas nung anak 'yung kamay ng tatay niya, nang *paganoon*.

319 Sabi niya, “Araw na masaya, araw na masaya, noong anurin ng Diyos ang aking mga pagkakasala. Itinuro Niya sa akin kung papaano magmatyag at manalangin, at mabuhay na nagbubunyi sa bawat araw na dumarating.” Iniyuko niya ang kanyang ulo’t yumao na.

Buweno, tayo nga’y hahantong at hahantong sa isa sa mga katapusan na ’yan.

320 Ako nga’y natutuwa na may munting, mapagpakumbabang lalaki kayo rito sa piling n’yo, na may pagtitiwala kayo. Siya po’y paniwalaan n’yo; ang Diyos ay magpapangyari ng mga himala, sa kalagitnaan n’yo.

321 At hinihiling ko sa munting iglesyang ito na gawin ito para sa akin. Ipanalangin n’yo ako, maaari po ba? Ako’y isa sa mga kapatid n’yong lalaki, rin. Hindi n’yo man laging nakakasama; gustung-gusto ko po sana. Dalhin n’yo lang po ang mga teyp at iba pang bagay rito. Ako po’y naritong sumasabak sa malaking dako ng labanan dito. Isa po ito sa mga himpilan kung saan tayo ay nakaantabay sa Pagparito ng Panginoon. Inyo po akong ipanalangin, dahil kailangang-kailangan ko ang inyong mga pananalangin. Ako po’y umaasa rito, maraming pagkakataon, sa tuwing tumatama ako sa mabibigat na bagay, lalong-lalo na po sa dako sa ibang bansa.

322 At may mga mangkukulam, at lahat, ilang libong makalibo na nakatayo roon, hinahamon ka talaga, at sasabak ka roon, nang mag-isa, oh, siguraduhin mong alam mo ang sinasabi mo. Oh, grabe! Haya’t, magagawa nila ang kahit ano. Magagawa nga nilang gayahin ang lahat na mayroon ang Diyos, halos. Kaya nila. Katulad nina Janes at Jambres, kaya nilang gayahin ang kahit ano na ipinangyayari rito ng Diyos.

323 Pagkatapos magugunita ko, maaalala ko po ang maliit, na matapat na grupo rito. “Anong oras na kaya, sa araw na ito? Doon sa ibayo roon sa likurang bahagi ng disyerto, tunay mang malayo, sa munti’t lumang lugar dun sa Sierra Vista, kita n’yo, isang maliit na pagtitipon para sa pananalangin ang nagaganap sa oras na ito. Kita n’yo? Doon mismo, sa kabilang bahagi ng bundok, doon sa lumang pastulan ng baka, sa dakong parang ganoon, sila’y nananalangin.

324 Pagkatapos lalakad ako roon, sasabihin ko, “Nababalutan ako ng panalangin. Satanas, wala kang magagawa sa akin. Ako ay pumaparito sa Pangalan ng Panginoong Jesus.” Kita n’yo, may bagay na mangyayari.

325 Ipanalangin n’yo ako. Inyo po bang gagawin ’yan ngayon, lahat po kayo? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

Kapatid na Isaacson, halina po kayo rito.

326 Alam n’yo, kung maaari lang sana na ako’y—ako’y manatili pa rito, at umuwi kasama n’yo para kumain ng pananghalian.

Lumagi pa nang matagal. At alam ko na ang mga kalalakihan dito'y tunay na ipinagmamalaki nila na nasa kanila ang pinaka magaling na tagapagluto sa buong mundo. Wala namang duda na nasa inyo. Kita n'yo? At gusto ko po sanang gawin 'yan. Pero hindi ko po—hindi ko po puwedeng gawin 'yan sa ngayon. Lahat naman siguro'y nauunawaan 'yan, di po ba? Inyo, inyo nga, na di ko po puwedeng gawin 'yan sa ngayon. Ako po'y may malaking pakikipagbaka, sa panahon na ito. Ninanais ko po na makaparito uli at magkaroon ng munting pakikipagbuklod sa inyo. Gusto ko pong makabalik uli, hayan nga, makabalik at makasama kayo. Pagpalain kayo ng Diyos.

327 Ngayon, Kapatid na Isaacson, ikaw na ang bahala, anuman ang ninanais ng Panginoon na gawin mo.

328 Ngayon, kung mayroon man sa inyo rito ang nagnanais na makalapit dito, na hindi pa nakasusuko kay Jesus Cristo, at may pagnanais kayo na makadulog dito at tumayo sa umagang ito, dito sa tabi ng pulpito, kung saan si Kapatid na Isaacson at ako ay nakatayo, at ninanais n'yong maipanalangin, ninanais na aming ipanalangin na ang Diyos ay iligtas kayo, maaari lang na lumapit lang kayo ngayon? At, kayo, kayo nga'y magtatamo ng ganap na pagtatagumpay ngayon. Kung kayo. . .

329 Kung mayroon naman sa inyo rito ang tumalikod at lumayo mula sa Diyos, at walang kamalay-malay—walang kamalay-malay, na nawaglit na kayo sa pakikipagbuklod, kagaya nung munting binibini nung isang gabi. Oh, namumuo talaga ang kadiliman sa tuwing lumalayo kayo mula sa Diyos. Kayo nga'y nasa isang maputik na daanan. Nakaamba kang matalo. At kung wala pa sa inyo ang katagumpayan na 'yun na dapat sana ay kamit-kamit n'yo na, maaari lang po ba na lumapit, din? Ito na po ang ganap na katagumpayan. Ito na marahil ang V-day para sa inyo, laban sa lahat ng mga bagay sa sanlibutan.

330 Sasabihin n'yo, "Napakarami ko talagang mga pagsubok, Kapatid na Branham. Ako nga'y tila kinakaladkad mula sa isang kalugmukan patungo sa isa pa." Hindi ba't kababanggit ko lang sa inyo na ang Diyos 'yan, dahil pinagkakatiwalaan Niya kayo? Hindi n'yo naman Siya bibiguin, di po ba? Siguro nga'y bumagsak kayo. Nakagawa kayo ng pagkakamali. Pero hindi n'yo nga Siya bibiguin, di po ba? Kayo'y babangon uli, gaya ng isang tunay na sundalo, hahawakang mahigpit ang Tabak, at uusad nang pasulong uli. Ikalulugod namin na gawin 'yan. Tunay.

331 Kung wala na po, itutuloy ni Kapatid na Isaacson ang ilan pang mga sasabihin sa inyo kung ganoon.

332 Kung maipapaumanhin n'yo ako ngayon, haya't kailangan ko nang umalis, magpupunta pa ng Tucson. Ako po'y babalik para makita kayo uli, loobin ng Panginoon. Pagpalain kayo ng

Diyos. Inyo po bang ipananalangin ako ngayon? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

³³³ Pakatandaan n’yo po, pagiging ganap na mananagumpay, at tumuon lang kayo nang direktso kay Jesus Cristo. Siya nga’y siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. At darating ang araw, habang kayo’y tunay na nakatuon nang direktso ang mata, Siya’y paparito mula sa himpapawid na may Sigaw, may Tinig ng Arkanghel. Ang mga namatay kay Cristo ay babangon. Itong mga katawan na ito na namamatay ay magbibihis ng walang pagkamatay, at tayo’y paparoon na kasama Siya nang magpakailanman. Sa uli, magmatyag at manalangin. Pagpalain kayo ng Diyos. Amen.

Pagpalain ka ng Diyos, kapatid.



ARAW NG PAGTATAGUMPAY TAG63-0421
(Victory Day)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Abril 21, 1963 sa isang Tahanang Pagtitipon sa Sierra Vista, Arizona, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2018 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org